



ginawan ng Yawe-Diyos ng mga kahanga-hangang bagay. Sila ang bayang lagalag na pinagbunyagan niya ng kanyang sarili sa Bundok Sinai. Sa kanila siya gumawa ng tipan kasabay ng kanyang mga pangako. Mula sa panahong iyon, sila ang kanyang bayang hinirang; at siya ang kanilang Diyos. Sa panahong ito ni Josue at ng Mga Hukom talagang mabubuo ang bayang Israel.

Bagamat sagana sila sa mga biyaya ni Yawe, hindi maaaring hindi hangaan ng mga lagalag na ito ang mga Kananeong pinakikipamayanan nila. Hindi mapag-aalinlanganan na ang panahong ito ng ikalawang sanlibong taon bago dumating si Jesukristo, ang pinakatanyag na bahagi ng kasaysayan ng Palestina kung kultura ang pag-uusapan. Mukhang kawawa ang mga lagalag kung ihahambing sa mga Kananeong may mga bayan na may muog, mga templo at palasyo na may mga dingding na mamahaling kahoy at nadedekorasyonan ng garing. Gayundin ang kaibhan kung relihiyon ang pag-uusapan: maraming pagdiriwang, kapistahan at seremonya ang mga Kananeo sa mga bayan, na nakikita ng mga tribu na wala ni isang templo man lang.

Ipinakikita sa atin ng mga aklat ni Josue at ng Mga Hukom, pati na ni Samuel at ng Mga Hari, kung paano pinabayaan ng mga Israelita na maimpluwensyahan sila nang gayon na lamang. Naakit sila ng maringal na sibilisasyong ito kaya tinalikdan nila ang kanilang mga kaugalian at pananampalataya at ginaya ang mga seremonya ng pagsamba ng lupain.

Natapos sa Bundok Nebo ang misyon ni Moises. Tulad ng nakita natin sa Aklat ng Deuteronomio, tinawag ng Diyos si Moises para “hanguin ang bayan” mula sa pang-aalipin ng Ehipto patungo sa pintuan ng Lupang Pangako. Naroon na ang bayan sa harapan ng lupaing ito at si Josue na ngayon, ang unang Jesus – pareho ang Josue at Jesus sa Hebreo – ang siyang mamumuno sa bayan pagpasok sa lupa ng mga pangako.

Bayang Dayo

Masasabi ba nating isang bayan sila? Sa katunayan, hindi sila hihigit pa sa ilang angkan na pinamumunuan ni Moises patawid sa disyerto, na tiyak na nadagdagan ng mga bagong grupo na nakatagpo nila sa Kades-Barnea na isang banal na lugar. Bagamat kakaunti, dala naman ng mga lagalag na ito ang gayong kahalagang karanasang relihiyoso na magiging pamanang espirital nilang lahat, pati na ng mga tribung hindi umalis sa Palestina na makakatagpo nila. Sa harap ng mga Kananeong nakatira sa mga bayan at nagsasaka sa nakapaligid na lupain, unti-unting nakita ng mga lagalag na ito kung ano sila. Sila ang mga takas sa Ehipto na

Sasaiyo ako

1 •¹ Pagkamatay ni Moises, kinausap ni Yawe si Josueng anak na lalaki ni Nun at ayudante ni Moises, at sinabi sa kanya: ² “Patay na ang aking lingkod na si Moises kaya sumapit na ang oras para tumawid ka sa Ilog Jordan. At kasama mong tatawid ang buong bayan papunta sa lupang ibinibigay ko sa mga anak ng Israel. ³ Ibibigay ko sa inyo ang lahat ng lugar na tuntungan ninyo gaya ng ipinangako ko kay Moises ⁴ na mapapasainyo: Mula sa Bundok ng Lebanon sa hilaga hanggang sa disyerto sa timog, at mula sa malaking Ilog Eufrates sa silangan hanggang sa Malaking Dagat sa kanluran.

⁵ Walang makalalaban sa iyo habang nabubuhay ka. Sasaiyo ako kung paanong sumakay-Moises ako. Hindi kita pababayaan o iiwan. ⁶ Magpakatatag ka at lakasan ang loob sapagkat ibibigay ko sa bayang ito ang lupang ipinangako kong ibibigay sa kanilang mga ninuno.

⁷ Kaya magpakagiting ka at isabuhay nang buong katapatan ang lahat ng Batas na ibinigay sa iyo ng lingkod kong si Moises. ⁸ Huwag kang lilihis sa kanan man o sa kaliwa, at magtatagumpay ka saan ka man pumaroon.

Lagi mong basahin ang aklat ng Batas at pagnilayan ito araw at gabi upang lubos mong maisagawa ang sinasabi nito. Sa gayon matutupad ang iyong mga balak at magtatagumpay ka sa lahat ng bagay. ⁹ Ako ang nag-uutos sa iyo; kayat lakasan mo ang iyong loob at tibayan ang iyong dibdib. Huwag kang panghihiinaan ng loob ni matatakot, sapagkat kasama mo si Yawe na iyong Diyos saan ka man magpunta.”

¹⁰ Inatasan ni Josue ang mga opisyal ng bayan: ¹¹ “Galugarin ninyo ang buong kamento at ikalat ang kautusang ito: ‘Mag-apon kayo ng sapat na pagkain sapagkat sa loob ng tatlong araw ay tatawid kayo ng Ilog Jordan at sasakupin ang lupaing ipagkakaloob sa inyo ni Yawe na ating Diyos.’”

¹² Sinabi naman ni Josue sa mga tribu ng Ruben at Gad at sa kalahati ng tribu ng Manases: ¹³ “Tandaan ninyo ang utos ni Moises na lingkod ni Yawe. Papagpapahingahin kayo ni Yawe sa

Ang Katunayan ng Pananakop

Isang bayang naakit ng kultura ng mga Kananeo, mga pinunong nagpupunyagi at nananawagang manatili sa katapatan – ganito ang palagiang pagtatalo na inilalahad ng mga teksto ng Biblia ng panahong ito. Waring ipinakikita ng Aklat ni Josue ang isang masistemang pananakop ng lupain, na pinamumunuan ni Josue bilang ulo ng mga angkan; pero hindi talaga ganito ang pangyayari.

Magkaibang-magkaiba ang mga taga-bayan at ang mga lagalag, at dahil kapwa nila kailangang tumira sa iisang lupain, hindi naiwasan ang mga labanan: kung minsan, ang mga Kananeo ang mas malakas, at kung minsan nama’y ang mga lagalag. Pero unti-unting naipasailalim ng mga tribu sa kanilang batas ang mga dati nang naninirahan sa lupain, at sa panahon ni Saul, ang mga dating lagalag na mga mamamayan na ng lupain ngayon, ang siyang maghahari. Patatagang ang sitwasyong ito ni David at, pagkatapos, ni Solomon.

Ang aktibong minority ang siyang gumagawa ng kasaysayan; pag binabanggit natin ang Iglesia at ang epekto nito sa mundo, kalimita’y isang minority ng mga mananampalataya ang tinutukoy natin. Maraming dantaon pagkatapos ni Josue, pinagsama-sama ng mga propeta ang mga tradisyon at kasulatan tungkol sa “pananakop”, at hindi sila nagkunwaring ang ibinibigay nila sa atin ay isang eksaktong salaysay at kumpletong kasaysayan. Huwag tayong palinlang sa matagumpay na tono ng mga salaysay na ito na nagsasaad na nagkamit si Josue at ang buong Israel ng di-kapani-paniwalang mga tagumpay. Ang isinasalaysay ng Aklat ni Josue ay maliliit na pangyayari na bumubuo ng isang dakilang kasaysayan.

lupaing ito na ibinibigay niya sa inyo. ¹⁴Ngunit mananatili ang mga babae at mga bata pati na ang mga hayop sa tabing ito ng Jordan, sa lupaing ipinagkaloob niya sa inyo, habang mangunguna kayong magigiting sa inyong mga kapatid at tatawid na nasasandatahan upang tulungan sila. ¹⁵Papagpapahingahin sila ni Yawe tulad ninyo, at masasakop din nila ang lupaing ipinagkaloob sa kanila ng ating Diyos na si Yawe. At babalik kayo sa lupaing ipinagkaloob sa atin ni Moises sa silangan ng Jordan.”

¹⁶At sumagot sila kay Josue: “Gagawin namin ang lahat ng iniuutos mo at pupunta kami saan mo man kami ipadala. ¹⁷Kung paano kami sumunod kay Moises gayundin kami susunod sa iyo. Sumaiyo nawa si Yawe na iyong Diyos, kung paano siya sumapiling ni Moises. ¹⁸Mamamatay ang sinumang sasalungat sa iyong mga salita at susuway sa iyong mga utos. Magpakatatag ka lamang at magpakalalaki.”

Ang kasaysayan ni Rahab

2 ¹Lihim na inutusan ni Josue ang dala wang espiya mula sa Sitim: “Pumunta kayo’t manmanang mabuti ang lupain, lalo na ang lunsod ng Jerico.”

Lumakad ang mga espiya at pagdating nila sa Jerico, pumasok sila sa bahay ng isang babaeng bayaran na nagngangalang Rahab.

• **1.1** Si Josue ang anak ni Nun ang tinutukoy rito. Siya ang kahalili ni Moises (Dt 34:9). Isinasalaysay rito ang pagsakop sa Lupang Pangako na parang si Josue mismo ang namuno sa lahat. Sa ganito’y iginuguhit ang larawan ng isang Tagapagligtas (Yaweng-nagligtas ang ibig sabihin ng “Josue” gaya ng “Jesus”) na maghahatid sa Bayan ng Diyos sa kanilang Lupa at Pahinga. Lumilitaw si Josue sa Biblia bilang pagpapauang larawan ni Jesus, tulad ng ipinapaliwanag sa atin sa Sulat sa mga Hebreo (4:8).

Sa tuwing mababasa nating “Sinabi ni Yawe kay Josue,” hindi natin ito dapat intindihin nang literal. Gusto lamang nitong sabihin na sa gayong pangunguna, isinakatuparan ni Josue ang plano ni Yawe. Tulad ng lahat ng propetang makikita pagkatapos sa Israel, nakikita si Josue rito bilang “lingkod ni Yawe” na araw at gabing nagninilay sa kanyang salita (Slm 1:2). At ang unang larawang biblikal na papasok sa isip ng unang Kristiyanong pamayanan pag pinag-uusapan si Jesus ay ‘yung sa “banal na lingkod ng Diyos” (Gawa 3:13; 3:26; 4:27; 4:30).

Ibibigay ko sa inyo ang buong teritoryong masasakop ninyo. Sa ganito itinuturo sa atin kung paano tayo dapat maghintay sa mga biyaya ng Diyos. Hindi siya ang gumagawa para sa atin, kundi tinitiyak niyang gagawin natin ang kinakailangan. Ang Lupang ibinibigay ni Yawe sa mga Israelita ay mapapasakanila sa oras na masakop nila ito.

²Ngunit may nagsabi sa hari ng Jerico: “Ilang Israelita ang pumasok dito ngayong gabi upang tiktikan tayo.” ³Kaya nagpasabi ang hari ng Jerico kay Rahab: Ilabas mo ang mga lalaking ito sa bahay mo, sapagkat naparito sila para tiktikan ang ating lupain.” ⁴Ngunit naitago na ng babae ang dalawang lalaki at sumagot siya: “Totoong naparito sila sa aking bahay, ngunit hindi ko alam kung saan sila galing. ⁵At pagsapit ng dilim, nang malapit nang isara ang mga pintuan ng lunsod, umalis sila at hindi ko alam kung saan sila nagpunta. Magmadali lamang kayo at tiyak na maaabutan ninyo sila.” ⁶Ngunit naitago na sila ng babae sa bubungan ng bahay, sa ilalim ng mga tangkay ng lino na itinambak niya roon.

⁷Lumabas ang mga humahabol upang hanapin sila sa daang papunta sa lambak ng Jordan, at pagkalabas nila, ipininid ang mga pintuan ng lunsod.

⁸Umakyat naman ang babae sa pinagtaguan niya ng mga espiya ⁹at sinabi niya: “Alam kong ibinigay na sa inyo ni Yawe na inyong Diyos ang lupaing ito. Natatakot kami at nanginginig sa inyong harapan ang mga naninirahan sa lupain. ¹⁰Alam namin kung paanong tinuyo ni Yawe ang tubig ng Dagat ng Mga Tambo upang makatawid kayo palabas sa Ehipto. Alam namin ang ginawa ninyo sa dalawang hari ng Amorreo na

Kung minsa’y mga relihiyosong tao pa ang kilala sa kawalan ng pakialam sa kasalukuyang mga problema ng tao at hindi nagtatalaga ng sarili sa gawang pagtataguyod ng pambalanang kabutihan. Totoo nga na walang sinasabi ang Ebanghelyo tungkol sa mga pananakop dito sa lupa, pero ipinapakita ng Biblia na maiintindihan lamang ang Biblia ng isang bayang nakipaglaban para masakop ang kanilang lupain at ang sarili nilang kaibahan at katangian upang pagkatapos ay makalikha ng sarili nilang kultura. Alam ng Iglesya mula sa karanasan na hindi maihihiwalay ang ebanghelisasyon sa pag-unlad ng tao.

• **2.1** Isang babaeng bayaran ang tumanggap sa mga espiya ni Josue, at pinangakuan naman siya ng mga ito na ililigtas siya at ang buo niyang sambayanan. Wasak na ang malalaking pader ng Jerico, sandantaon na ang nakalilipas, at hindi na ito inayos pa ng mga bagong tumira roon. Mailalarawan natin sa isip na sama-sama ang lahat ng taong iyon sa iisang bahay na itinayo mula sa mga guho mismo ng dating pader.

Matalinhaga ang maliit na pangyayaring ito. Pina-pamutawi ng awtor sa bibig ni Rahab ang pahayag ng pananampalataya kay Yaweng Diyos na buhay at siyang magbibigay sa bayang Hebreo ng lupain. Dahil sa pananampalatayang ito, maliligtas si Rahab.

Kinikilala siya ng tradisyong Judio bilang ninuno ni Haring David, at binabanggit siya ng Ebanghelyo sa talaangkanan ni Jesus (Mateo 1:5).

naninirahan sa kabilang ibayo ng Jordan, sina Sehon at Og, na pinuksa ninyo.

¹¹ Natakot kami sa balita at pinanghinaan ng loob ang bawat isa dahil sa inyo, sapagkat si Yawe na inyong Diyos ay Diyos sa langit sa kaitaasan at sa lupa rin sa ibaba.

¹² Kayat ngayon, sumumpa kayo sa akin sa ngalan ni Yawe, na magpapakita kayo ng kagandahang loob sa aking kamag-anak gaya ng pagmamagandang loob ko sa inyo ¹³ at hindi papatayin ang aking ama, ina at mga kapatid kundi maliligtas kami, pati na ang lahat ng aming ari-arian.”

¹⁴ Sumagot ang mga lalaki: “Buhay ang iga-ganti namin sa buhay. Huwag mo lamang ibunyag ang ating pinag-usapan at gagantihan namin kayo ng kagandahang loob at katapatan kapag ipinagkaloob na sa amin ni Yawe ang lupaing ito.”

¹⁵ At ibinababa sila ng babae sa bintana sa pamamagitan ng lubid, sapagkat nakadikit sa muog ng lunsod ang kanyang bahay. ¹⁶ Sinabi niya sa kanila: “Pumunta kayo sa bundok para hindi kayo matagpuan ng mga humahabol sa inyo. Doon kayo magtago nang tatlong araw, hanggang makabalik sila, at saka kayo magpatuloy sa paglalakad.” ¹⁷ Sumagot ang mga lalaki: “Tingnan mo kung paano namin tutuparin ang aming pangako.” ¹⁸ Pagpasok namin sa lupaing ito, itali mo ang pulang lubid na ito bilang tanda sa bintanang binabaan namin. Tipunin mo sa iyong bahay ang iyong ama, ina, mga kapatid at lahat ng iyong kamag-anak. ¹⁹ Sasagutin ang sariling buhay ng sinumang lalabas sa iyong bahay, hindi namin ito kasalanan. Kami naman ang sasagot sa buhay ng

sinumang kasama mo sa bahay. ²⁰ Ngunit huwag mong ibunyag ang ating pinag-usapan. Kung hindi, lalaya kami sa aming pangako.”

²¹ Sinabi ni Rahab sa kanila: “Ganyan sana ang mangyari.” At pinaalis niya sila at itinali niya ang pulang lubid sa bintana.

²² Nagpunta sa bundok ang mga lalaki at nagtago roon nang tatlong araw, hanggang makabalik ang mga humahabol sa kanila. Hinanap sila ng mga ito sa lahat ng dako, ngunit hindi sila nakita. ²³ Pagkababa nila mula sa kabundukan, tumawid sila ng llog Jordan, at humarap kay Josue ang anak ni Nun, at isinalaysay sa kanya ang kanilang misyon at lahat ng nangyari sa kanila. ²⁴ Sinabi nila kay Josue: “Inilagay na ni Yawe sa ating mga kamay ang lahat ng lupaing ito; nanginginig na sa takot ang lahat ng naninirahan dito.”

Tumawid sa Jordan ang mga Israelita

3 ¹ Kinabukasan, maagang gumising si Josue at kasama ang lahat ng mga Israelita, umalis siya sa Sitim at nagtungo sa llog Jordan. Doon sila tumigil bago nila tinawid ang ilog.

² Pagkalipas ng tatlong araw, lumibot sa kampo ang mga pinuno ³ at iniutos nila sa mga Israelita: “Kapag nakita ninyong dumaaan ang Kaban ng Tipan na pasan-pasan ng mga paring Levita, umalis kayo sa inyong kampo at sumunod dito ⁴ upang malaman ninyo ang daang lalakaran ninyo, sapagkat hindi pa kayo napupunta roon. Ngunit sumunod kayo sa Kaban sa

• **3.1** Ang Jordan ay hindi permanenteng hangganan ng Israel: depende sa mga tagumpay o pagkatalo nito, sinakop ng Israel ang lupain sa silangan ng Jordan o nawala sa kanya 'yung nasa kanluran. Gayunpaman, laging kinikilala ang Jordan bilang hangganan ng Lupang Pangako ng bayan ng Diyos. Kaya ang mga tribu ng Ruben at Gad, na naninirahan na sa silangan ng ilog, ay pinilit ni Moises, at ni Josue pagkatapos, na tumawid sa ilog kasama ng kanilang mga kapatid: sa ganitong kundisyon lamang sila kikilalaning mga tunay na tagapagmana ng Lupang Pangako. Ito ang dahilan kung bakit naging napakahalaga ang pagtawid sa Jordan sa pamumuno ni Josue sa mga tradisyong Judio at Kristiyano.

Sa pagtawid na ito, tulad ng sa Dagat ng Mga Tambo, tanging Diyos lamang ang may pangunahing papel. Sabay sa paglusong sa ilog ng mga tagapagdala ng Kaban na pinagpapahingahan ng Luwalhati ni Yawe, tumigil ang pagdaloy ng tubig. At pagkaahon nila sa ilog, muling dumaloy ang tubig.

Ang Diyos na nagpapahinga sa Kaban, ang nag-

bubukas at nagsasara ng pinto ng Lupang Pangako (Pag 3:7). Gayundin lulusong sa tubig ng Jordan si Jesus – ang bagong Kaban ng Tipan, na pina-nanahanan ng kapunuan ng pagka-Diyos (Col 2:9) – para buksan ang pinto ng Lupang Pangako. Ang pagtawid na ito, kasama ng sa Dagat ng Mga Tambo, ay ang binyag ng bayan ng Diyos. Sa pagbasa sa salaysay na ito, nauunawaan natin na hindi kasaysayang militar ng paglupig ni Josue ang aklat na ito; pangliturhiyang aklat ito, nakikita nating gumagawa ang Diyos: nagbibigay siya o bumabawi ng kanyang mga biyaya ayon sa katapatan o kataksilan ng kanyang bayan. Sa katapusan ng aklat, inaanyayahan ang kanyang bayan na gumawa ng maseremonyang pagpapahayag ng pananampalataya (Jos 24). Tuwing aanyayahan tayo ng iglesya, tulad ni Josue, sa panibagong pagpapahayag ng pananampalataya, sa binyag man o sa bisperas ng paskuwa, nakikisali tayo sa isang matagal nang naitatag na tradisyong Kristiyano.

Hindi gumalaw ang tubig, at naging parang

agwat na isang libong metro. Huwag kayong lalapit dito.”

⁵Sinabi ni Josue sa mga Israelita: “Linisin ninyo ang inyong sarili sapagkat bukas, gagawin ni Yawe ang mga kababalaghan sa piling ninyo. ⁶At inutusan ni Josue ang mga pari: “Kunin ninyo ang Kaban ng Tipan at tumawid ng ilog sa unahan ng mga tao.”

⁷At sinabi ni Yawe kay Josue: “Sa araw na ito sisimulan kitang gawing dakila sa mata ng Israel at malalaman nila na sumasaiyo ako kung paanong sumapiling ako ni Moises. ⁸Ibigay mo ang utos na ito sa mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan: ‘Pagdating ninyo sa pampang ng Jordan, tumayo kayo sa may tubig.’” ⁹At sa mga Israelita sinabi ni Josue: Halikayo’t parkinggan ang mga salita ni Yaweng ating Diyos. ¹⁰Ngayon kayo makatitiyak na sumasainyo ang isang buhay na Diyos, na magpapalayas sa harap ninyo ng mga Kananeo, mga Heteo, mga Perezeo, mga Gergeseo, mga Jebuseo at mga Amorreo. ¹¹Tatawid nga ngayon sa Jordan na una sa inyo ang Kaban ng Tipan ng Panginoon ng buong sangkalupaan. ¹²Kaya, pumili kayo ng labindalawang lalaki mula sa labindalawang tribu ng Israel, isa sa bawat tribu. ¹³At kapag sumayad na sa tubig ang paa ng mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan ng Panginoon ng buong sangkalupaan, titigil ang tubig na bumababa mula sa itaas ng ilog at mabubuo ito.”

¹⁴Pag-alis ng mga tao sa kampo upang tumawid sa Jordan, nauna sa kanila ang

mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan. ¹⁵Panahon noon ng anihan at malaki ang tubig ng Jordan, na umaapaw sa mga pampang. Gayunpaman, lumusong sa ilog ang mga paring pumapasan sa Kaban, at paglapat ng kanilang paa sa tubig ¹⁶tumigil at tumayo na parang dike ang tubig ng Jordan sa malayong lugar malapit sa Adam, isang bayan na katabi ng Sartan. Naputol at tumigil ang tubig na dumadaloy sa Patay na Dagat, kayat nakatawid ang mga tao sa tapat ng Jerico. ¹⁷Nanatili sa gitna ng natuyong ilog ang mga paring may pasan sa Kaban ng Tipan, hanggang makatawid ang lahat ng Israelita sa Jordan.

4 ¹Pagkatawid sa Jordan ng buong bayan, sinabi ni Yawe kay Josue: ²“Pumili ka ng labindalawang lalaki, isa mula sa bawat tribu, ³at utusan mo silang kumuha ng labindalawang bato sa ilalim ng Jordan, sa lugar na tinatayuan ng mga pari. At ilalagay ang mga batong ito sa lugar na titigilan ninyo ngayong gabi.”

⁴Tinawag nga ni Josue ang labindalawang lalaking pinili niya mula sa labindalawang tribu ng Israel ⁵at inutusan sila: “Pumunta kayo sa kinaroroonan ng Kaban sa gitna ng Jordan, at kumuha kayo roon ng isang bato para sa bawat tribu at pasanin ito sa balikat. ⁶Magiging tanda ng pangyayaring ito ang mga batong ito para sa inyo. Sa hinaharap kapag tinanong kayo ng inyong mga anak: ‘Ano ang ibig sabihin ng mga batong ito sa inyo?’” ⁷sasabihin ninyo sa kanila

pader, malayo sa lugar na iyon. Noong 1267, nagkaroon ng ganitong pagguho ng lupa sa lambak ng Jordan, sa lugar na mas mataas kaysa sa Jerico na nag-iwang tuyo sa ilog sa loob ng ilang oras hanggang matangay ng agos ng ilog ang harang. Maaaring isang katulad na pangyayari ang naging sanhi para makapasok sa Lupang Pangako si Josue at ang kanyang bayan nang tuyo ang paa pagkatawid sa ilog. Ang milagro ay nasa mismong oras ng pangyayari; na nang mga sandaling iyon ay umaasa naman si Josue at ang bayan na bigyan sila ni Yawe ng daan. Para matupad ang isang di kapani-paniwalang pangako, mga natural na pangyayari ang ginamit ng Diyos.

Ano ang ibig sabihin ng mga batong ito para sa inyo? Ano ang ibig sabihin ng ganitong monumento, ng ganitong piyesta? Sa tuwina’y sinasagot ito sa pagsasalaysay ng kung anong pangyayari na sinakalohan ni Yawe ang kanyang bayan. Sa ganito ring mga tanong itinuro ang pananampalataya sa Israel; walang gaanong alam sa relihiyon ang Israel pero

ipinaaalaala sa kanila ng bawat lugar sa kanilang lupain na ang Diyos ang tagapagligtas ng kanyang bayan.

Nagkampo si Josue sa Gilgal. Mula roon inorganisa niya ang kanyang mga pagsalakay at makikita natin na bumabalik siya sa Gilgal pagkatapos ng bawat panalo, bago makapagsama-samang muli ang mga puwersang Kananeo.

Madaling makita na pinagsama-sama rito ang iba’t ibang salaysay na hindi naman magkakatugma. Sa kampo ba nila inilagay ang labindalawang bato (4:3) o sa ilalim ng Jordan nila inilagay ang mga ito (4:9)? Hindi ito dapat problemahin. Pinakamalamang na naroon na ang mga batong iyon bago pa man dumating si Josue at ang mga Israelita. Ito ang santuwaryo sa isang lugar para sa pagsamba ng mga pagano, na napakalapit sa Gilgal. Pero pagkatapos ng pananakop, gusto ng mga pari na bigyan ng kahulugang relihiyoso ang mga ito ayon sa kanilang pananampalataya, tulad ng nakita na natin sa Ex 12:15.

na nahati ang tubig nang tumawid sa Jordan ang Kaban ni Yawe. Sa gayon, ang mga batong ito ang magsisilbing alaala para sa mga Israelita sa habampanahon.”

⁸ Sinunod ng mga Israelita ang utos ni Josue at kumuha sila ng labindalawang bato sa ilalim ng Jordan, isa para sa bawat tribu, gaya ng iniutos ni Yawe kay Josue. Dinala nila ang mga ito at inilagay sa lugar na tinigilan nila.

⁹ Gumawa si Josue ng bunton ng labindalawang bato sa gitna ng Jordan kung saan tumayo ang mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan. Hanggang sa mga araw na ito ay naroon pa ang mga ito. ¹⁰ Tumayo sa gitna ng Jordan ang mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan hanggang matapos sabihin ni Josue ang lahat ng ipinag-utos sa kanya ni Yawe. ¹¹ Nang makatawid na sa ilog ang lahat ng tao, tumawid din ang Kaban, at muling lumakad ang mga pari sa unahan ng mga tao.

¹² Lumakad ding nasasandatahan sa unahan ng mga tao ang mga lalaki mula sa tribu ng Ruben at ng Gad at kalahati sa tribu ng Manases, ayon sa ipinag-utos ni Moises sa kanila. ¹³ Humigit-kumulang sila sa apatnapung libo, at nasasandatahang mabuti. Nagdaan sila sa harap ni Yawe, at nagtungo sa kapatagan ng Jerico upang makipagdigmaan.

¹⁴ Sa araw na iyon, dinakila ni Yawe si Josue sa harap ng buong Israel, kayat iginalang nila si Josue sa buong panahon ng kanyang buhay, gaya ng paggalang nila kay Moises.

¹⁵ Sinabi ni Yawe kay Josue: ¹⁶ “Utusan mo na umahon sa Jordan ang mga paring pumapasan sa Kaban ng Kautusan.” ¹⁷ At iniutos ni Josue na umahon sila sa ilog. ¹⁸ At nang makaahon na ang mga paring pumapasan sa Kaban ng Tipan ni Yawe mula sa gitna ng Jordan, pagsayad ng

kanilang mga paa sa pampang, lumaki ang tubig ng Jordan tulad sa nagdaang mga araw, at umapaw ang tubig sa pampang.

¹⁹ Ikasampung araw ng unang buwan noong tumawid ang mga tao sa Jordan at tumigil sila sa Gilgal, sa silangang hangganan ng Jerico. ²⁰ At sa Gilgal, inilagay ni Josue ang labindalawang batong mula sa ilalim ng Jordan.

²¹ At saka sinabi ni Josue sa mga Israelita: “Sa hinaharap kapag tinanong kayo ng inyong mga anak kung ano ang ibig sabihin ng mga bato, ²² sabihin ninyo sa kanila: “Nakatawid ang mga Israelita sa Jordan na hindi nabasa ang paa.” ²³ Sapagkat tinuyo ni Yaweng ating Diyos ang tubig ng Jordan sa ating harapan, gaya ng ginawa niya sa Dagat ng Mga Tambo para makatawid tayo. ²⁴ Ginawa niya ito upang malaman ng mga naninirahan sa lupaing ito ang kapangyarihan ni Yaweng ating Diyos, at upang kayo man ay matakot sa kanya sa habang panahon.”

Tinuli ang mga Israelita sa Gilgal at nagdiwang ng Paskuwa

5 ¹ Nabalitaan ng mga haring Amorreo sa kanluran ng Jordan at ng lahat ng mga Kananeong hari na malapit sa Dagat Mediterraneo kung paano tinuyo ni Yawe ang Jordan para makatawid ang mga Israelita. Kayat wala na silang lakas ng loob at sigla upang harapin ang mga Israelita.

² Noon sinabi ni Yawe kay Josue: “Gumawa ka ng panghiwa mula sa bato at magsagawa ka

• **5.1** Sa una nilang pinagkumpuhan ipinagdiwang ng mga tauhan ni Josue ang una nilang selebrasyong relihiyoso. Kasunod nito ang pagtutuli (tingnan ang Gen 17:10). Sa Israel, ito ang tanda ng pagpasok sa relihiyosong pamayanan. Para igiit ang obligasyong ito, sinasabi sa libro na tinuli ang lahat ng lalaki sa pagpasok nila sa Lupang Banal.

Mula sa araw na iyon, bunga na ng lupa ang kaniyang kinain (11). Tingnan sa Ex 16 ang mga paliwanag hinggil sa *manna* at sa mga alamat nito.

Sa pangyayaring ito nagsisimula ang isang bagong panahon. Hanggang sa panahong iyon, para sa isang bayang pagala-gala ang relihiyon ng mga Israelita. Nag-uumpisa gayon ang matinding krisis na tatagal

hanggang sa panahon ni Haring David, habang patuloy na nagsisikap ang mga Israelita na bumagay sa bago nilang sitwasyon bilang mga magsasaka at mga tagasiyudad at dahan-dahang bumubuo ng isang klase ng relihiyong bagay sa bagong sitwasyong ito. Pero meron pang ipinahihwatig ang teksto: tapos na ang panahon ng paglalakbay, ng pagmamartsa patungo sa Lupang Pangako; pumasok na sa lupain ang bayan. Hindi na pumapatak ang manna na pagkain sa paglalakbay at nabubusog ang bayan sa bunga ng lupain. Gayundin sa katapusan ng panahon pag nakarating na ang buong sangkatauhan sa Ama at sa kanyang kaharian, hindi na bibigyan ng Iglesya ng tinapay para sa paglalakbay ang mga tao; ang mapapasakanila ay ang walang-hanggang presensiya ng Diyos.

ng bagong pagtutuli sa mga Israelita.”³ Sumunod si Josue sa utos ni Yawe at tinuli ang mga Israelita sa lugar na tinawag na Buro ng Pinagtutulan.

⁴Ito ang dahilan kung bakit gumawa si Josue ng ikalawang pagtutuli. Tinuli ang lahat ng lalaking Israelitang umalis sa Ehipto, ngunit namatay sila sa paglalakbay sa disyerto. ⁵Hindi naman tinuli ang mga ipinanganak sa disyerto. ⁶Naglakbay ang mga Israelita sa disyerto sa loob ng apatnapung taon hanggang mamatay ang buong salinlahi na hindi sumunod kay Yawe sapagkat isinumpa ni Yawe sa kanila na hindi sila makapapasok sa lupaing umaapaw sa batas at pulot-pukyutan na kanyang ipinangako sa kanilang mga ninuno. ⁷Ngunit ang kanilang mga anak ang pumalit at sila ang tinuli ni Josue.

⁸At pagkatuli sa bayan, nagpahinga sila sa kampo hanggang sa gumaling ang kanilang sugat. ⁹At saka sinabi ni Yawe kay Josue: “Sa araw na ito inaalal ko sa inyo ang kahihiyang ng Ehipto.” Kayat tinawag na Gilgal ang lugar na ito hanggang ngayon.

¹⁰Tumigil ang mga Israelita sa Gilgal sa kapatagan ng Jerico kung saan ipinagdiwang nila ang Paskuwa noong gabi ng ikalabing-apat na araw ng buwan. ¹¹Kinabukasan, kumain sila ng tinapay na walang lebadura at nilagang butil na mga bunga ng lupain. ¹²At mula sa araw na iyon na kumain sila ng bunga ng lupain, tumigil ang pag-ulan ng manna.

Wala nang manna para sa mga Israelita, ngunit noong taong iyon, kumain na sila ng bunga ng lupain ng Kanaan.

• **6.1** Sa pagkaagaw sa Jerico nagsimula ang pananakop. *Ginawang anatema ang Jerico*, ibig sabihin’y ibinukod para sa Diyos. Walang anumang kinuha ang bayan, kundi ibinigay sa kabang-yaman ni Yawe ang mga bagay at pinagpapatay ang lahat ng may buhay sa halip na angkinin ang mga hayop at gawing alipin ang mga tao. Ang salitang *anatema* ay mangangahulugan din ng sinumang nagtataglay sa sumpa ng Diyos (tingnan ang Rom 9:3). Ganito ang ginagawa sa ilang bayan: sa pagkakataong ito, sa pagpuksa sa anumang bagay na Kananeo, naililigtas ng Israel ang sarili na makibagay sa kultura at materyalistang relihiyon ng mga Kananeo.

Kung minsang’y naiiskandalo ang nakababasa nito ngayon: Paano maiuutos ng Diyos ang gayong digmaan? At paano kaya naisip ni Josue na bigyang-lugod ang Diyos sa pag-uutos na patayin ang lahat, pati na ang mga sanggol?

Kailangang alalahanin natin kung kailan nangyari ang nasabing pananakop at kung kailan nasulat ang aklat.

Naganap ang pananakop sa ika-13 dantaon bago kay Kristo. Mahirap para sa atin na talagang maunawaan ang pag-iisip nila nang panahong iyon. Sa

¹³Nang malapit na si Josue sa Jerico, tumingala siya at nakita niya sa kanyang harapan ang isang lalaking may hawak na tabak. Lumapit si Josue sa lalaki at sinabi niya: “Kasama ka ba namin o ng mga kaaway namin?” ¹⁴At sumagot ang lalaki: “Hindi, ako ang pinuno ng hukbo ni Yawe.” Nagpatirapa si Josue sa lupa, sinamba ang lalaki at sinabi: “Ano ang gusto ng Panginoong gawin ng kanyang lingkod?” ¹⁵Sumagot ang pinuno ng hukbo ni Yawe: “Hubarin mo ang iyong mga sandalyas dahil banal ang lugar na tinatayuan mo.” At ginawa ito ni Josue.

Ang pagsakop sa Jerico

6 • ¹Isinara at kinandaduhan ang Jerico dahil sa mga Israelita. Walang nakapapasok at walang nakalalabas. ²Ngunit sinabi ni Yawe kay Josue: “Ibigay ko sa iyo ang lunsod, ang hari nito’t mga kawal. ³Kayats minsan sa isang araw lumakad ka sa paligid ng lunsod, kasama ang lahat ng sandatahang lalaki. Gawin mo ito sa loob ng anim na araw. ⁴Sa unahan ng Kaban dadalhin ng pitong pari ang pitong tambuling pampahayag. Sa ikapitong araw, pitong beses kayong libot sa lunsod. ⁵Kapag pinatunog na nila ang mga trumpeta, sasalakay at sisigaw nang malakas ang lahat ng tao, at babagsak ang muog ng lunsod, at papasok ang bawat isa sa tapat niya.”

Kanaan, sinusunog nila ang mga sanggol bilang mga hain sa mga diyos ng mga pagano, sa Asiria nama’y binabalatan nang buhay ang mga bihag. Sinakop ng Israel sa dahas ang Palestina tulad ng alinmang pagalagalang bayan sa daigdig. Sinisimulan ng Diyos ang pagtuturo sa kanyang bayan; bilang simula, hindi niya maaaring asahan na sila ay naturuan na. Isang hakbang lamang ang mga madugong pagkapanalo tungo sa pambansang kamalayan. Sa ganitong diwa, hindi natin mababale-wala sa ngalan ng kapayapaan ang mga bayani ng lumipas na mga digmaan.

Sa kabilang dako naman, ang librong ito ay isinulat sa ika-7 dantaon bago kay Kristo, sa maliit na kaharian ng Juda, na napaliligiran ng malalakas na karatig-bayan, at pinagsisikapan nitong mabuhay nang mapayapa sa gitna nila. Kaya pinalawak ang salaysay tungkol sa mga nagdaang panalo at mga masaker (paghambing ang 2 S 12:31 na sinulat ng mga buhay na nang maganap ang mga pangyayari at ang 1 Kro 20:3 na isinulat pagkalipas ng apat na dantaon). Gusto ng sumulat nito na ipakita sa kanyang mga kasamahan na hindi sila dapat matakot dahil sumasakanila ang Diyos. Sa pag-iisip at pagpapalaki sa pagmasaker sa mga Kananeo ng lumipas na panahon, gusto niyang

⁶Tinawag ni Josue ang mga anak ni Nun ang mga pari, at sinabi sa kanila: “Dalhin ninyo ang Kaban ng Tipan at sa unahan nito, dalhin ng pitong pari ang mga tambuling pampahayag.”

⁷At sinabi ni Josue sa mga tao: “Lumigid kayo sa lunsod at mauuna ang pambungad na hanay ng hukbo sa Kaban ni Yawe.”

⁸Pagkasabi nito ni Josue, pinatunog ng mga pari ang pitong trumpetang pampahayag, at lumakad sila sa unahan ng Kaban ni Yawe.

⁹Lumakad naman sa unahan ng mga pari ang pambungad na hanay ng bayan, at sumunod sa Kaban ang iba pa. Walang tigil ang tunog ng mga trumpet. ¹⁰Iniutos ni Josue: “Huwag kayong sisigaw o magsasalita ng anuman, hanggang sa araw na sabihan ko kayong sumigaw at humiyaw.”

¹¹Sa araw na iyon, ipinalibot niya nang minsan sa lunsod ang Kaban ni Yawe, at saka bumalik ang lahat sa kampo at doon nila pina-lipas ang gabi. ¹²Kinabukasan, maagang bumangon si Josue ¹³at dinala naman ng mga pari ang Kaban at lumakad sa unahan ng Kaban ang mga nagpapatunog sa pitong tambuli. Nanguna sa kanila ang pambungad na hanay ng hukbo at sumunod naman ang iba pa sa Kaban samantalang tumutunog ang mga trumpet.

¹⁴Sa ikalawang araw na ito lumigid sila nang minsan sa lunsod at nagbalik sa kampo. Ganito ang ginawa nila sa loob ng anim na araw. ¹⁵Sa pagbubukanliwayway ng ikapitong araw, gumising ang mga Israelita at lumigid sa lunsod ng Jerico, tulad nang ginawa sa nakaraang mga araw. Ngunit ngayon pitong ulit silang lumigid. ¹⁶Sa ikapitong ulit, samantalang pinapatunog ng mga pari ang mga trumpet, iniutos ni Josue sa mga tao: “Sumigaw na kayo sapagkat ipinagkaloob na sa inyo ni Yawe ang lunsod!”

¹⁷Lilipulin at susunugin ang lunsod at ang lahat ng naroroon dahil sa banal na sumpa.

sabihin sa kanyang mga kababayan na huwag tanggapin ang anumang kaugalian ng mga pagano, ingatan ang banal na binhi ng pananampalataya ng Israel. Sa madugong mga halimbawang ito, isang aral ang ibinibigay sa atin ng Kasulatan: ang Bayan ng Diyos ang may pag-asang bukod-tangi sa mundo. Walang anumang sakripisyo na magiging napakalaki para pangalagaan itong buo. Pero hindi natin dapat tularan ang pagkapanatiko ng sinaunang mga panahong iyon.

Kaya kapag sinasabing: *Iniutos ni Yawe kay Josue*

Tanging ang babaeng bayaran na si Rahab, at lahat ng kasama niya sa bahay ang mabubuhay dahil siya ang nagtago sa mga espinyang ipinadala natin. ¹⁸At mag-ingat din kayo sa banal na sumpa, sapagkat sa Diyos inihandog ang lahat. Huwag ninyong hawakan o kunin ang anuman, maliit man o malaki, at baka bumagsak ang banal na sumpa sa buong kampo ng Israel. ¹⁹Ihahandog kay Yawe at ilalagay sa kabang-yaman ni Yawe ang lahat ng ginto, pilak, tanso at bakal.”

²⁰Tumunog ang mga tambuli at sumigaw ang mga tao. Noon di’y gumuho ang muog ng lunsod at pumasok ang bawat isa sa lunsod sa dakong katapat niya.

²¹Sinakop nila ang Jerico at pinatay nila sa espada ang lahat ng lalaki’t babae, bata man o matanda, kasama ang mga baka, tupa at asno dahil sa banal na sumpa.

²²At sinabi ni Josue sa dalawang lalaking nag-espia sa Jerico: “Pumunta kayo sa bahay ng babaeng bayaran at ilabas ninyo siya, pati ang kanyang mga kaanak, gaya ng ipinangako ninyo sa kanya.”

²³Inilabas ng mga lalaki ang babaing si Rahab, ang kanyang ama, ina at mga kapatid, pati na ang kanyang mga kamag-anak at dinala sila sa ligtas na lugar sa labas ng kampo ng Israel. ²⁴Sinunog nila ang lunsod at lahat ng naroroon ngunit iniligtas nila ang mga pilak, ginto at mga bagay na tanso at bakal na isinama sa mga mamahaling bagay sa bahay ni Yawe. ²⁵At sapagkat itinago ng babaeng bayaran ang dalawang sugo ni Josue, iniligtas din ni Josue ang buhay ng babaeng bayaran at ng kanyang mga kaanak at nanirahan siya sa Israel.

²⁶Pinanumpa ni Josue ang mga tao: “Isumpa nawa ni Yawe ang sinumang magtatayo muli sa Jerico. Bangkay nawa ng panganay niyang lalaki ang pagpatungan ng saligang-bato, at bangkay naman ng kanyang bunso sa pagtatayo ng pintuan.”

²⁷Sumapiling ni Josue si Yawe at pinatanyag niya si Josue sa buong lupain.

ang anatema, hindi natin dapat isipin na isa itong espesyal na pamamagitan ng Diyos (tingnan ang paliwanag sa Gen 16). Ibig lamang sabihin ng mga salitang ito na sa pagpapasya ng anatema ayon sa pag-iisip ng panahong iyon, naingatan ni Josue ang pananampalataya ng Israel mula sa pagkakaroon ng ibang diyos na mas taliwas sa plano ng Diyos. Pero ginawa nila ito bilang mga taong hindi pa alam ang halaga ng buhay ng tao.

Mahirap malaman kung ano ang totoo sa istoriyang ito: tingnan ang paliwanag sa Josue 2:1.

Pinarusahan ang paglabag ni Akan sa banal na sumpa

7 • ¹May mga Israelitang lumabag sa pag-aalay sa Diyos. Kumuha ng ilang bagay na ihahandog sa Diyos si Akan na anak ni Karmi na anak naman ni Zabding anak ni Zera, mula sa tribu ng Juda. Kayat nag-alab ang galit ni Yawe laban sa Israel.

²Mula sa Jerico, nagpadala ng ilang lalaki si Josue sa Ai, na malapit sa Bet-aven, sa silangan ng lunsod ng Betel. Sinabi niya sa kanila: “Umahon kayo’t magmanman sa lupain.” ³At nagbalik sila kay Josue at sinabi: “Hindi kailangang ipadala ang buong hukbo; sapat na ang dalawa o tatlong libong lalaki upang sakupin ang lupain. Huwag mong pagurin ang buong bayan sapagkat kakaunti lamang ang nasa lupain.”

⁴Kayat sumalakay ang tatlong libong lalaki sa Ai, ngunit itinaboy sila ng mga tagapagtanggol ng lunsod. ⁵Napatay ng mga mamamayan ng Ai ang tatlumpu’t anim na lalaki. Hinabol nila ang mga Israelita sa labas ng pintuan ng lunsod, hanggang sa Sebarim, at tinalo nila sila sa dalisdid. Nasiraan ng loob ang buong bayan.

⁶Pinunit ni Josue at ng lahat ng mga pinuno ng Israel ang kanilang damit, nilagyan ng abo ang kanilang ulo at nagpatirapa sa harap ng Kaban ni Yawe hanggang gumabi. ⁷Tumangis si Josue: “O, Yawe! Bakit mo kami pinatawid sa llog Jordan upang ibigay lamang sa kamay ng mga Amorreo?”

Mabuti pang nanatili na lamang kami sa kabilang ibayo ng Jordan. ⁸Yawe, aking Diyos, ano ang masasabi ko kung nakikita kong tumatakas ang Israel sa mga kaaway? ⁹Malalaman ito ng mga Kananeo at ng lahat ng naninirahan sa lupaing ito. Magkakaisa sila upang paligiran kami at itaboy. At ikaw, ano ang iyong gagawin para sa karangalan ng iyong Pangalan?”

¹⁰Sumagot si Yawe: “Tumayo ka! bakit ka nagpapatirapa sa lupa? ¹¹Nagkasala ang Israel at nilabag ang aking tipan; may mga Israelitang kumuha ng ilang bagay na handog sa Diyos at itinago nila kasama sa kanilang mga ari-arian. ¹²Kayat hindi makatayo ang Israel laban sa kanyang mga kaaway, at tumatalikod siya’t tumatakas sa kanila sapagkat kumuha sila ng mga bagay na sinumpa, kaya nasumpa sila. Hindi na ako sasainyo hanggang hindi mo

inaalis ang sumpa sa inyong piling. ¹³Tumindig ka at gawing banal ang mga tao. Sabihin mo sa kanila: ‘Linisin ninyo ang inyong mga sarili para bukas. Sinasabi sa inyo ni Yaweng Diyos ng Israel: ‘O, Israel, nasa inyo ang banal na sumpa at hindi kayo makahaharap sa inyong mga kaaway hanggang hindi ninyo naaalis ang banal na sumpa mula sa inyo.’ ¹⁴Kayat bukas ng umaga, lalapit kayong sama-sama ayon sa tribu. Haharap nang angkan-angkan ang tribu ng ituturo ni Yawe sa palabunutan. At haharap nang samba-sambahayan ang angkan ng ituturo ni Yawe at haharap nang isa-isa ang sambahayan. ¹⁵Dahil sa pagsuway sa tipan ni Yawe at paggawa ng anumang nakamumuhi sa Israel, ang matuklasang nagkasala ay susununging kasama ang lahat ng sa kanya.

¹⁶Kinabukasan gumising nga nang maaga si Josue at inutusang humarap ang mga tribu ng Israel. Napili ang tribu ng Juda. ¹⁷Humarap ang mga angkan, at napili ang angkan ni Zera. Humarap ang mga sambahayan ng angkan at napili naman ang sambahayan ni Zabdi. ¹⁸Humarap ang mga pandigmang lalaki ng sambahayan ito at napili si Akan, na anak ni Karmi na anak ni Zabding anak ni Zera, mula sa tribu ng Juda.

¹⁹At sinabi sa kanya ni Josue, “Anak, ipagtapat mo ang katotohanan sa harapan ni Yaweng Diyos ng Israel. Sabihin mo sa akin kung ano ang iyong ginawa at huwag kang maglihim ng anumang.” ²⁰Sumagot si Akan: “Totoo ngang nagkasala ako kay Yawe. Ito ang ginawa ko: ²¹Nakita ko sa mga nasamsam ang isang magandang kapa mula sa Sinar, dalawandaang shekel ng pilak at isang bara ng ginto na tumitimbang ng limampung shekel. Nagnasa ako sa mga iyon kayat kinuha ko, at ibinaon ko sa lupa sa loob ng aking tolda. Pinakailalim ang pilak.”

²²Nagpadala ng ilang tao si Josue at tumakbo sila sa tolda ni Akan; sa loob ng tolda nila natagpuan ang mga ninakaw kasama na ang pilak. ²³Kinuha nilang lahat iyon at iniharap kay Josue at sa mga tao at inilagay ang lahat sa harap ni Yawe.

²⁴At kinuha ni Josue si Akan, at ang pilak, kapa at ginto, pati na ang kanyang mga anak, mga baka, ang asno at ang mga tupa, ang kanyang tolda at lahat ng kanyang ari-arian, at dinala sila sa Lambak ng Akor. Sumunod

• **7.1** Ginawang “anatema” ang lahat ng masamsam, na ibig sabihin’y itinalaga sa Diyos. Ke sinunog o itinabi sa kabang-yaman ng Santuwaryo, inialay ang mga ito kay Yawe. Ang Diyos ang pinagnakawan ni Akan, at ayon sa pagsasalita at pag-iisip ng panahong

iyon, ang ninakaw ay nagiging sumpa na kumakapit sa kanya at sa kanyang pamilya. Pinapagninilay siguro tayo ng pangyayaring ito sa kabigatan ng ating mga pangako kapag ipinasya nating italaga sa Diyos ang ating panahon o pagkatao.

naman ang buong Israel. ²⁵ Doon sinabi ni Josue kay Akan: “Nagdala ka ng kapahamakan sa amin, kaya dalhan ka rin sana ni Yawe ng kapahamakan sa araw na ito.” At pinagbabato siya ng buong Israel. Sa lahat ng sa kanya, dinurog ang ilan at sinunog ang iba pa, at ²⁶ tinabunan siya ng batong naroroon hanggang sa mga araw na ito. At tinalikuran ni Yawe ang kanyang galit.

Kayat tinawag ang lugar na iyon na Lambak ng Akor.

Sinakop ni Josue ang Ai

8 ¹ Sinabi ni Yawe kay Josue: “Huwag kang matakot o masiraan ng loob. Salakayin mo at ng lahat mong kawal ang Ai. Ibibigay ko sa iyong mga kamay ang hari nito, ang lahat ng tao nito, ang buong lunsod at lupain. ² Gagawin mo sa Ai ang ginawa mo sa Jerico at sa hari nito, ngunit kunin ninyo ang lahat ng hayop at mga ari-arian para sa inyo. Sige, ihanda mo ang paglusob mula sa likuran ng lunsod.”

³ Kayat umalis si Josue at ang lahat niyang kawal at pumunta sa Ai. Pumili siya ng tatlum-pung libong matatapang na mandirigma, at pinalakad kinagabihan. ⁴ Iniutos niya sa kanila: “Maghanda kayong lumusob mula sa likod ng lunsod. Huwag kayong magpakalayo at maghanda kayo. ⁵ Lalapit ako at ang buong bayan sa lunsod. At kapag nilusob kami ng mga taga-Ai tulad noon, aatras kami. ⁶ At lalabas sila sa lunsod at hahabulin kami hanggang sa malayo sa pag-aakala nilang tumatakas kami gaya noon. ⁷ At saka kayo magsitayo sa inyong pinagtataguan at sakupin ang lunsod. Ipagkaloob sa inyo ni Yaweng ating Diyos ang lunsod. ⁸ Pagkasakop sa lunsod, sunugin ninyo ito gaya ng sinabi ni Yawe. Ito ang aking mga utos.”

⁹ At pinalakad sila ni Josue. Nagtungo sila sa lugar na pagtatambangan at naghintay sa pagitan ng Betel at Ai, sa kanluran ng lunsod, habang natutulog si Josue, at ang mga tao.

¹⁰ Kinabukasan maagang gumising si Josue at tinipon ang kanyang hukbo. Pinangunahan niya at ng mga matatanda ng Israel ang paglalakad papunta sa Ai. ¹¹ Umahon din ang lahat ng sandatahang kasama niyang nakarating sa harap ng lunsod. At gumawa sila ng kampo sa hilaga ng lunsod, sa kabila ng lambak.

¹² Kumuha si Josue ng limang libong kawal, inihanda niyang lumusob mula sa pagitan ng Betel at Ai sa kanluran ng lunsod. ¹³ At nagtayo ng kampo ang bayan sa hilaga ng lunsod,

habang ang mga kawal naman sa kanluran. Ngunit sa lambak nagpalipas ng gabi si Josue.

Ang digmaan sa Ai

¹⁴ Nang makita iyon ng hari ng Ai, agad-agad siyang lumabas ng lunsod kasama ang kanyang buong bayan upang sagupain ang mga Israelita sa dalisdis sa tapat ng lambak ng Jordan. Ngunit hindi nila alam na naghandang sumalakay ang mga Israelita mula sa likuran ng lunsod. ¹⁵ Nagkunwaring natatalo sina Josue at ang mga Israelita at nagtakbuhan sila patungo sa ilang. ¹⁶ At naghiyawan ang lahat ng tao ng lunsod at hinabol sila. ¹⁷ Walang naiwan sa Ai upang ipag-tanggol ang lunsod at iniwang bukas ito.

¹⁸ Kaya sinabi ni Yawe kay Josue: “Iunat mo sa Ai ang iyong sibat sapagkat ipinagkaloob ko na sa iyong kamay ang lunsod na ito.” ¹⁹ Ginawa nga ito ni Josue, at sa hudyat na iyon nagsitindig ang mga mandirigma mula sa pinagtataguan at sinalakay nila ang lunsod. Pumasok sila at sinakop ang lunsod, at agad sinunog iyon.

²⁰ Kayat paglingon ng mga mamamayan ng Ai, nakita nila ang usok na umaakyat sa langit mula sa lunsod at kasabay nito, nagsibalik ang mga tumatakas na Israelita at hinarap sila. ²¹ Nasiraan sila ng loob sapagkat nakubkob sila: ²² sa isang panig naroon si Josue at ang bayan ng Israel, at sa kabila naman naroon ang mga nanunog sa lunsod.

Pinatay ng mga Israelita ang mga mamamayan ng Ai at walang naiwang buhay at wala ring nakatakas. ²³ Binihag naman nila ang hari ng Ai at dinala kay Josue.

²⁴ Pagkalipol ng mga Israelita sa lahat ng mga taga-Ai na hinabol nila sa kabukiran o sa ilang, bumalik sila sa lunsod at pinatay sa saksak ang lahat ng nanatili roon. ²⁵ Umabot sa labindalawang libo ang namatay sa araw na iyon. ²⁶ Hindi ipinatigil ni Josue ang pagsalakay hanggat hindi napapatay ang lahat ng mamamayan ng Ai bilang pagtupad sa banal na sumpa. ²⁷ Ngunit kinuha ng mga Israelita para sa kanilang sarili ang mga hayop at ari-arian gaya ng iniutos ni Yawe.

²⁸ Sinunog ni Josue ang lunsod at iniwan niya itong wasak at tiwangwang na gaya ngayon. ²⁹ Ipinabitay naman ni Josue ang hari ng Ai sa isang punungkahoy. Pag lubog ng araw, ipinababa niya ang bangkay at ipinatapon ito sa may bungad ng lunsod at tinambakan ng mga batong naroroon pa rin hanggang ngayon.

Muling isinagawa ni Josue ang pakikipagtipan sa Sikem

• ³⁰ Sa Bundok ng Ebal, nagtayo si Josue ng altar sa karangalan ni Yaweng Diyos ng Israel. ³¹ Tinupad niya ang mga iniutos ni Moises sa mga Israelita, at ayon sa nasusulat sa aklat ng Kautusan ni Moises, ginawa ang altar na ito sa mga batong hindi tinapyas at itinayo ito na hindi ginamitan ng anumang kagamitang bakal. Dito naghandog si Josue kay Yawe ng mga sinunog na alay at mga hain sa mabuting pagsasamahan. ³² At sa harap ng mga Israelita iniukit niya sa bato ang kopya ng Kautusan na sinulat ni Moises.

³³ Tumayo ang sambayanan ng Israel, kasama ang kanilang mga matatanda, opisyal at hukom, sa magkabila ng Kaban. Katapat naman nila ang mga pari at mga Levita na nagpapasan sa Kaban ng Tipan ni Yawe. Nagsamasama ang mga katutubong Israelita at mga dayuhang nakipamayan. Nasa harapan ng Bundok ng Garizim ang kalahati ng mga tao at nasa harapan naman ng Bundok ng Ebal ang kalahati pa gaya ng iniutos ni Moises para sa pagbabasbas sa Israel.

³⁴ Binasa ni Josue ang mga salita ng pagpapala at sumpa, at ang lahat ng nasusulat sa aklat ng Kautusan. ³⁵ Wala siyang kinalimutan ni isa mang salita sa mga isinulat ni Moises. Binasa niya iyon nang malakas sa harap ng sambayanan ng Israel na kinabibilangan ng mga babae, bata at dayuhang kasama nilang namumuhay doon.

Naligtas ang mga taga-Gibeon sa pamamagitan ng panlililang

9 ¹ Nabalitaan ng mga hari na nasa kabundukan, sa kapatagan at baybayin sa kanluran ng Jordan ang mga pangyayari. ² Kaya nagkasundo ang mga hari ng mga Heteo, Amorreo, Kananeo, Perezee, Heveo at Jebuseo, na magkakasamang kalabanin si Josue at ang Israel.

• **8.30** Ano ang ibig sabihin ng pakikipagtipang ito na ipinagdiwang sa Sikem? Maaaring inilalahad ng Biblia ang matandang kasaysayan ng Israel na parang kathang-isip sa pagsasabi nito na magkakasama sa Ehipto ang labindalawang tribu, na sama-sama rin silang umalis doon kasama ni Moises at kasama niyang nakarating sa Lupang Pangako. Malamang na ang buong Exodo ay kasaysayan ng isang mas maliit na grupo na nakalaya dahil kay Moises at sila mismo sa buhay nila ang nagkaroon ng napakahalagang karanasan sa Diyos na Tagapagligtas.

At saka nila nakita sa oasis ng Kades ang iba pang grupong Hebreo (tingnan ang paliwanag sa mapa ng

³ Ngunit nang mabalitaan ng mga taga-Gibeon ang ginawa ni Josue sa Jerico at sa Ai, ⁴ ipinasya nilang linlangin ang mga Israelita. Naghanda sila ng mga baon at naglagay sa kanilang mga asno ng mga luma, punit-punit at sinulsihang mga sako at mga balat na sisidlan ng alak. ⁵ Nagsuot sila ng mga pudpod at tinagpiang sandalyas at kasuotan at para sa kanilang paglalakbay, nagbaon sila ng mga matitigas at durog na tinapay. ⁶ At pinuntahan nila si Josue sa kampo sa Gilgal, at sinabi sa kanya: “Galing kami sa malayong lupain upang gumawa ng kasunduan sa inyo.”

⁷ Sumagot ang mga Israelita: “Baka nanihirahan kayong malapit sa amin? Kung gayon, hindi kami puwedeng makipagkasundo sa inyo.” ⁸ Sinabi nila kay Josue: “Mga lingkod ninyo kami.” Ngunit tinanong sila ni Josue: “Sino ba kayo? At saan ba kayo galing?” ⁹ At sumagot sila: “Naparito kaming mga lingkod ninyo mula sa isang malayong lupain, dahil sa kadakilaan ni Yaweng inyong Diyos. Nabalitaan namin ang kanyang kapangyarihan at ang kanyang ginawa sa Ehipto ¹⁰ at sa dalawang hari ng mga Amorreo sa silangang bahagi ng Jordan, na sina Sihon na hari ng Hesbon, at Og na hari ng Basan na nakatira sa Astarot. ¹¹ At sinabi sa amin ng mga pinuno at ng iba pang naninirahan sa aming lupain: “Maghanda kayo para sa isang mahabang paglalakbay at lumakad kayo at makipagkita sa mga Israelita at sabihin sa kanila: Mga lingkod ninyo kami kayat makipagkasundo sana kayo sa amin. ¹² Heto ang aming tinapay na mainit pa noong kunin namin sa mga bahay namin upang baunin sa paglalakbay na ito. Tingnan ninyo’t tumigas na at nagkadurug-durog na. ¹³ Bago ang mga sisidlang ito na pinuno namin ng alak, ngunit ngayon, punit-punit na ang mga ito. Naluma na rin ang suot naming mga sandalyas at damit dahil sa aming napakahabang paglalakbay’.” ¹⁴ At binigyan sila ng pagkain ng mga Israelita na

Exodo) na galing din sa Ehipto at tumanggap sa kanilang pananampalataya.

Pagkaraan nito, nang mamayan sila sa Palestina, bumuo sila ng alyansa sa iba pang tribu ng kalahi nila na nasa gitna na ng mga Kananeo. Noon nagsimula ang pagiging bayan ng Labindalawang Tribu ng Israel. Sa mga ito’y nakapangyayari ang mga tribu ng Efraim at Manases, pero sa paglipas ng panahon ay umunlad sa timog ang tribu ni Juda na nabuo mula sa iba’t ibang grupo lalo na ng mga Kalebita (Hkm 1:12 at Blg 13:30) at mga Kenita (Hkm 1:16).

Sa Pakikipagtipan sa Sikem marahil inako ng lahat ang pananampalataya at mga utos na tinanggap nila kay Moises.

hindi muna sumangguni kay Yawe. ¹⁵At gumawa rin ng kasunduan sa kanila si Josue, nang hindi na hinintay pa ang sagot ni Yawe, na pababayaan niya silang mabuhay, at sinangayunan ito ng mga prinsipe ng katipunan.

¹⁶Makaraan ang tatlong araw, nalaman ng mga Israelita na naninirahan sa malapit sa kanilang lupain ang mga taong ito. ¹⁷Kayat lumakad ang mga Israelita at pinasok nila ang mga lunsod ng Gabaon, Capira, Beerot at Kiryat-jearim. ¹⁸Hindi nila pinatay ang mga tao roon dahil sa pangakong binitiwang ng kanilang mga pinuno sa pangalan ni Yawe. ¹⁹Ngunit tinuligsa ng bayan ang kanilang mga pinuno. At sinabi ng mga pinuno sa kanila: “Nangako tayo sa ngalan ni Yawe, kayat hindi natin sila puwedeng patayin. ²⁰Heto ang gagawin natin sa kanila: “Hahayaan natin silang mabuhay upang hindi tayo bagsakan ng poot ni Yawe, ²¹subalit magsisibak sila ng kahoy at iigib ng tubig para sa buong sambayanan ng Israel.”

²²Tinawag ni Josue ang mga taga-Gibeon at sinabi sa kanila ayon sa pasya ng mga pinuno: “Bakit ninyo kami nilalang sa pagsasabing galing kayo sa napakalayong lugar samantalang tagarito rin pala kayo?” ²³Kayat isusumpa kayo, at mula ngayon lagi na kayong magsisibak ng kahoy at iigib ng tubig para sa Bahay ng aking Diyos.” ²⁴Sumagot ang mga taga-Gibeon: “Nalaman naming iniutos ni Yawe kay Moises na lipulin ang lahat ng mga naninirahan sa lupaing ipinagkaloob niya sa inyo. Natakot kami kayat ginawa namin ito. ²⁵Ngayong nasa mga kamay ninyo kami, gawin ninyo ang inaakalang mabuti at makatarungan para sa inyo.”

²⁶Tinupad ni Josue ang kanyang pangako at hindi niya pinabayaang patayin sila ng mga Israelita. ²⁷Ngunit mula noon hanggang sa araw na ito, nagsisibak sila ng kahoy at umiigib ng tubig para sa buong sambayanan at para sa altar ni Yawe sa lugar na piliin niya.

“Tumigil ang araw sa Gibeon”

10 • ¹Nabalitaan ni Adonizedek na hari ng Jerusalem, kung paanong sina-

kop at pinatag ni Josue ang Ai, gaya ng ginawa niya sa Jerico at sa hari nito. Nalaman din niya kung paanong nakipagkasundo ang mga taga-Gibeon sa mga Israelita upang mabuhay silang kasama ng mga Israelita. ²Lumaki ang kanyang takot sapagkat isang napakahalagang lunsod ang Gibeon, maharlika at malaki pa kaysa Ai, at matatapang ang mga tagarito.

³Dahil dito, ipinatawag ni Adonizedek sina Hoham, hari ng Hebron; Aram, hari ng Yarmut; Yafia, hari ng Lakis at Debir, hari ng Eglon. Ipinasabi niya sa kanila: ⁴“Halikayo at tulungan akong sakupin ang Gibeon sapagkat nakipagkasundo na ito kay Josue at sa mga Israelita.”

⁵Kayat nag-isang lakas nga ang limang hari ng mga Amorreo – ang mga hari ng Jerusalem, Hebron, Yarmut, Lakis at Eglon, at nagsilakad, kasama ang kanilang mga hukbo. Gumawa sila ng kampo sa kabila ng Gibeon at pinaligiran ito.

⁶Nagpasabi ang mga taga-Gibeon kay Josue, na nasa kampo sa Gilgal: “Huwag ninyo kaming pabayaan. Halikayo at tulungan kami sapagkat nagsama-sama na laban sa amin ang mga hari ng Amorreo na naninirahan sa kabundukan.”

⁷Umalis noon din si Josue sa Gilgal, kasama ang lahat ng matatapang niyang mandirigma. ⁸Sinabi ni Yawe kay Josue: “Huwag kang matakot sapagkat ibinigay ko na sila sa iyong mga kamay, at walang sinuman sa kanila na maaaring tumayo laban sa iyo.” ⁹Umahon si Josue mula sa Gilgal, naglakbay sa buong magdamag at dinatnan niyang hindi handa ang mga Amorreo.

• **10.1** Sapat nang problema ang inihatid ng araw ng Gibeon sa mga umiintindi nang literal sa lahat ng mabasa nila sa Biblia.

Iniiisip ng ilan na huminto ngang talaga ang araw sa langit. Pero nang sumunod na mga panahon, nang malaman ng mga tao na ang lupa pala ang umiinog sa palibot ng araw, inisip naman nilang ang lupa ay huminto sa pag-ikot nito. Pero hindi rin natin mata-

tanggap ang paliwanag na ito: sapagkat sa sandaling huminto ang mundo sa pag-inog, mawawasak ang lahat dahil dito. Kaya nga kailangang bigyang-diin natin na ginagamit dito ng Biblia ang isang aklat ng tula, ang “Aklat ng Matuwid”, at nagsasalita ang mga makata sa kanilang imahinasyon at hindi bilang mga manunulat ng kasaysayan o mga siyentipiko. Kaya maaaring gusto nilang sabihin na mahalaga ang maghapon ng iyon.

¹⁰Tinalo sila ni Yawe. Malaking tagumpay ang natamo ng mga Israelita sa Gibeon. Hinabol sila ng mga Israelita sa tabing bundok ng Bet-horon hanggang sa Azeka at Makeda.

¹¹Samantalang tumatakas sila, nagpaulan si Yawe ng malalaking batong yelo mula sa langit at hinabol sila hanggang Azeka. Mas marami ang namatay dahil sa mga batong yelo kaysa sa tabak ng mga Israelita.

¹²Sa araw na iyon ng pagbibigay ni Yawe sa mga Amorreo sa kamay ng mga Israelita, sinabi ni Josue kay Yawe sa harap ng Israel:

“Araw, tumigil ka sa tapat ng Gibeon,

At ikaw, Buwan, sa Lambak ng Ayalon.”

¹³At tumigil nga ang Araw at ang Buwan hanggang makapaghiganti ang sambayanan sa kanilang mga kaaway. Kayat nakasulat sa Aklat ng Matuwid na, “Tumigil ang araw sa gitna ng langit at hindi ito lumubog sa buong maghapon.

¹⁴Hindi nagkaroon at hindi na muli magkakaroon ng ganitong araw kung saan nakinig si Yawe sa salita ng isang tao. Si Yawe nga ang lumaban para sa Israel.”

¹⁵At bumalik si Josue at mga Israelita sa kampo sa Gilgal.

¹⁶Tumakas naman ang limang hari at nagtago sa isang yungib sa Makeda. ¹⁷At may nagsabi kay Josue: “Natagpuan namin ang limang hari. Nagtatago sila sa isang yungib sa Makeda.”

¹⁸Kayat nag-utos si Josue: “Magpagulong kayo ng malalaking bato sa bunganga ng yungib at maglagay kayo ng mga tanod dito. ¹⁹Ngunit huwag kayong tumigil doon! Habulin ninyo ang inyong mga kaaway, salakayin sila mula sa likuran at huwag silang bayaang makabalik sa kani-kanilang mga lunsod, sapagkat ibinigay na sila sa ating mga kamay ni Yaweng Diyos natin.”

²⁰Pinuksa sila ni Josue at ng mga Israelita. Nagtago sa loob ng mga napa-

paderang lunsod ang ilang nakatakas, ²¹samantalang ligtas na nakabalik sa kampo ang mga Israelita, kasama si Josue. Mula noon, wala nang naglakas loob na lumaban sa kanila.

²²At nag-utos si Josue: “Buksan ninyo ang yungib, ilabas ang limang hari at iharap sa akin.” ²³Sumunod sila at iniharap ang limang hari kay Josue – ang mga hari ng Jerusalem, Hebron, Lakis, Yarmut at Eglon. ²⁴Tinipon pagkatapos ni Josue ang mga Israelita at sinabi sa mga pinuno ng mga kawal: “Halikayo at apakan ninyo sa leeg ang mga haring ito.”

Lumapit nga sila at inilagay ang kaniyang mga paa sa leeg ng mga hari.

²⁵At sinabi ni Josue sa kanila: “Huwag kayong matakot o masiraan ng loob, ngunit maging matapang kayo at matatag, sapagkat ganito ang gagawin ni Yawe sa lahat ng mga kaaway na kakalabanin ninyo.”

²⁶At saka pinatay ni Josue ang limang hari at ibinitin sa limang puno hanggang gumabi. ²⁷Pagsapit ng dilim, ibinaba ang mga bangkay ng mga hari at itinaapon sa yungib na pinagtaguan nila, at tinakpan ang yungib ng malalaking bato na naroroon pa hanggang ngayon.

Sinakop ni Josue ang dakong timog ng Kanaan

²⁸Noong araw ding iyon, sinakop ni Josue ang Makeda. Pinatay niya ng tabak ang hari at ang mga mamamayan. Inihandog niya kay Yawe ang lahat ng naroon at wala siyang pinaligtas. Ginawa niya sa hari ng Makeda ang ginawa niya sa hari ng Jerico.

²⁹At sinalakay ni Josue at ng mga Israelita ang Libna. ³⁰Ibinigay ni Yawe sa kamay ng mga Israelita ang lunsod at ang hari nito, at pinatay ng mga Israelita ang mga mamamayan at walang pinaligtas. Ginawa sa hari ng Libna ang ginawa sa hari ng Jerico. ³¹Mula sa Libna, nagtuloy si Josue at ang mga Israelita sa Lakis. Kinubkobnila iyon at sinalakay. ³²Ipinagkaloob din ni Yawe sa kamay ng mga Israelita ang lunsod, at pinatay niya ang hari at ang mga mamamayan ng lunsod gaya ng ginawa niya sa Libna. ³³Dumating si Horam, ang hari ng Gezer, upang tulungan ang Lakis, ngunit nilupig siya ni Josue, kasama ang

lahat niyang mamamayan at walang iniwang buhay sa kanila.

³⁴Mula sa Lakis, nagtuloy pagkatapos si Josue sa Eglon. Kinubkob at sinalakay nila ito ³⁵at nilupig sa isang araw. Pinatay din sa espada ang hari at ang mga mamamayan nito. Sinira nila ang lahat sa lunsod bilang handog kay Yawe, gaya ng ginawa nila sa Lakis.

³⁶Mula sa Eglon nagtuloy si Josue at ang mga Israelita sa Hebron at sinalakay nila ito. ³⁷Sinakop ni Josue ang lunsod pati ang mga bayang saklaw nito. Pinatay ang hari at ang lahat ng mamamayan at walang iniwang buhay. Sinira ni Josue ang lahat sa lunsod bilang handog kay Yawe, gaya ng ginawa sa Eglon.

³⁸Binalikan ni Josue at ng buong Israel ang Debir at sinalakay ito. ³⁹Sinakop niya ang lunsod pati ang mga bayang saklaw niyon. Pinatay niya ang hari at ang mga mamamayan at sinira niya ang lahat sa lunsod para kay Yawe at wala siyang pinaligtas. Ginawa niya sa Debir at sa hari nito ang ginawa niya sa Hebron at sa Libna at sa mga hari nito.

⁴⁰Kayat sinakop ni Josue ang buong lupain: ang Kabundukan, ang Disyerto ng Negeb, ang kapatagan at ang mga gulod, kasama ang kaniilang mga hari.

Hindi niya pinaligtas na buhay ang sinuman ngunit pinuksa niya ang lahat ng may buhay bilang handog sa Diyos gaya ng iniutos ni Yawe. ⁴¹Sinira ni Josue ang lahat mula sa Kadesbarnea hanggang sa Gaza at mula sa Gosen hanggang sa Gibeon. ⁴²Nilupig ni Josue ang lahat ng hari dito at sinakop niya ang lahat ng lupain sa iisang pakikipaglaban sapagkat si Yawe ang lumaban para sa Israel.

⁴³At bumalik si Josue at ang mga Israelita sa kaniilang kampo sa Gilgal.

Sinakop ni Josue ang dakong hilaga

11 • ¹Nang mabalitaan ito ni Yabin na hari ng Hazor, nagpadala siya ng mga sugo kay Jobab na haring Madon, at sa mga haring Simron at Aksaf; ²sa mga haring nasa kabundukan sa hilaga, sa lambak sa tapat ng Kineret, sa kapatagan, hanggang sa gulod ng Dorsakanluran; ³sa mga Kananeo sa silangan at kanluran, sa mga Amorreo, Heteo, Perezao at Jebuseo sa mga kabundukan, at sa mga Heveo sa paanan ng

Bundok Hermon sa lupain ng Mizpa. ⁴Lumabas ang mga hari, kasama ang kaniilang mga kawal na sindami ng mga buhangin sa dalampasigan at may kasamang maraming mga kabayo at karuwaheng pandigma. ⁵Nagkaisa ang mga haring ito at humimpil sila sa bukal ng Merom upang salakayin ang Israel.

⁶At sinabi ni Yawe kay Josue: “Huwag kang matakot, sapagkat bukas, sa ganitong oras, ibibigay ko sila sa iyong mga kamay upang ialay sa akin. Pipilayin mo ang kaniilang mga kabayo at susunugin ang kaniilang mga karuwaheng pandigma.”

⁷Kayat nagtungo sa Merom si Josue at ang lahat ng sandatahang kawal, at bigla nila silang sinalakay. ⁸Ibinigay sila ni Yawe sa kamay ng Israel; pinuksa sila ng mga Israelita, at tinugis sila hanggang sa Malawak na Sidon at Misrefotmayim, at sa Mizpa sa silangan. Walang naiwang buhay sa kanila. ⁹Sumunod si Josue sa utos ni Yawe kayat pinilay niya ang mga kabayo at sinunog ang mga karuwahe.

¹⁰Bumalik agad si Josue at sinakop niya ang Hazor at pinatay ang hari nito. Nang panahong iyon, ang Hazor ang kapitolyo ng lahat ng mga kahariang iyon. ¹¹Pinatay bilang banal na sumpa ang lahat ng naninirahan doon. Walang iniwang buhay sa kanila, at sinunog ang buong lunsod.

¹²Sinakop ni Josue ang lahat ng lunsod ng mga hari at pinatay ang mga hari bilang banal na sumpa, gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ni Yawe.

¹³Sinunog ng mga Israelita ang lahat ng mga lunsod maliban sa mga nasa gulod at dalisdis kung saan ang Hazor lamang ang sinunog ni Josue.

¹⁴Pinaghati-hatian ng mga Israelita ang mga ari-arian at ang mga hayop na nasamsam sa mga lunsod na ito, ngunit pinatay nila ang lahat ng tao sa lunsod at walang iniwang buhay sa mga ito. ¹⁵At natupad ang mga iniutos ni Yawe kay Moises, na siya ring iniutos ni Moises kay Josue. Walang nakalimutan si Josue sa mga iniutos ni Yawe kay Moises.

¹⁶Sinakop ni Josue ang lahat ng mga lupaing ito: ang kabundukan, ang Negeb, ang Gosen, ang Kapatagan, ang Lambak at ang Kaburulan ng Israel, pati ang kanyang kapatagan. ¹⁷Pinuksa niya ang lahat ng mga hari mula sa paanan ng bundok sa Seir, hanggang sa Baal-gad sa Lambak ng Lebanon, hanggang sa paanan ng

• **11.1** Sa kabanata 11, inilalarawan ang pananakop ni Josue sa hilagang Palestina. Nabihag niya roon ang Hasor na matatawag na malaking siyudad sa 40,000 mamamayan nito. Lumilitaw na parang nasa-

kop niya ang buong lupain. Ngunit inilalahad sa kabanata 13-19 na kailangang sakupin ng bawat tribu ang bahagi nito sa lupain sa isang serye ng kanya-kanyang operasyon.

Bundok Hermon. Sinalakay niya at pinatay ang mga ito.

¹⁸Tumagal nang mahabang panahon ang pakikipaglaban ni Josue sa mga haring ito.

¹⁹Maliban sa Heveo ng Gibeon, walang ibang lunsod na mapayapang nakipagkasundo sa Israel. Nalupig silang lahat ng Israel.

²⁰Pinalakas ni Yawe ang kanilang loob na lumaban sa Israel, upang sa huli'y mapuksa silang lahat at masunog bilang banal na sumpa, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

²¹Nang panahong iyon, sinalakay din ni Josue at pinuksa ang mga Anakim sa mga Kabundukan ng Hebron, Debir, Anab at sa lahat ng bundok ng Juda at ng Israel. Nilipol sila at ang kanilang mga lunsod bilang alay kay Yawe.

²²Walang naiwang Anakim sa lupain ng Israel, maliban sa Gaza, sa Gat at sa Asdod. ²³At sinakop ni Josue ang buong lupain gaya ng sinabi ni Yawe kay Moises, at ibinigay niya ito sa mga Israelita bilang pamana na ipamamahagi sa bawat tribu. At namahinga ang lupain sa pakikidigmaan.

12 ¹Ito ang mga haring nilupig ng mga Israelita. Inagaw ng mga Israelita ang kanilang lupaing nasa kabilang ibayo ng Jordan, mula sa Ilog Arnon hanggang sa Bundok Hermon, kabilang ang silanganing Araba: ²si Sihon, hari ng mga Amorreo, na naninirahan sa Hesbon at naghari mula sa Aroer, na nasa tabi ng lambak ng Arnon, (pati ang kalagitnaan nito) hanggang sa Ilog Yabok, na hangganan ng mga Amonita. Sa kanya ³ang kalahati ng Galaad hanggang sa Aroer na hangganan ng mga Amonita. At pati ang gawing silangan ng Araba, mula sa Dagat ng Kineret, hanggang sa Dagat na Asin (o ng Araba), ang daan patungong Betjesimot, at sa timog, ang mabababang lugar sa paanan ng mga bundok ng Pasga.

⁴Si Og, hari ng Basan, na labi ng mga Refaim,

na naninirahan sa Astarot at Edrai. ⁵Naghahari siya sa Bundok Hermon, sa Saleja, sa buong Basan, hanggang sa hangganan ng mga Gesurita at ng mga Maacatita, at sa mahigit sa kalahati ng Galaad sa ibayo ng lupain ni Sihon, hari ng Hesbon. ⁶Pagkatapos na malupig sila ni Moises na lingkod ni Yawe at ng mga Israelita, ibinigay niya ang kanilang lupain sa mga Rubenita, mga Gadita, at sa kalahating tribu ng Manases bilang pamana nila.

⁷Ito naman ang mga hari na nilupig ni Josue at ng mga Israelita sa gawing kanluran ng Jordan. Pinaghati-hati ni Josue ang kanilang lupain sa mga lipi ng Israel mula sa Baal Gad sa lambak ng Lebanon hanggang sa Panot na Bundok na pataas sa Seir. ⁸Ang mga lupaing ito ay nasa kabundukan at sa kapatagan, sa Araba, sa mga tabing bundok, sa ilang, at sa Negeb. Ito ang dating mga lupain ng mga Heteo, Amorreo, Kananeo, Perezeeo, Jeeveo at Hebuseo. ⁹Ito ang mga nilupig na hari: hari ng Jerico, hari ng Ai (malapit sa Betel).

¹⁰Hari ng Jerusalem, hari ng Hebron.

¹¹Hari ng Jerimot, hari ng Lakis.

¹²Hari ng Eglon, hari ng Gazer.

¹³Hari ng Dabir, hari ng Gader.

¹⁴Hari ng Horma, hari ng Arad.

¹⁵Hari ng Libna, hari ng Odulam.

¹⁶Hari ng Makeda, hari ng Betel.

¹⁷Hari ng Tapuj, hari ng Ofer.

¹⁸Hari ng Afek, hari ng Saron.

¹⁹Hari ng Madon, hari ng Jasor.

²⁰Hari ng Simeron, hari ng Acsaf.

²¹Hari ng Tanak, hari ng Magedo.

²²Hari ng Kades, hari ng Jocneam sa Carmelo.

²³Hari ng Dor sa lupain ng Dor, hari ng lambak ng Galilea,

²⁴at ang hari ng Tersa: tatlumpu't isang hari silang lahat.

II. PAGKAKAHATI-HATI NG LUPAIN SA LABINDALAWANG TRIBU

Hinati ni Josue ang lupain ng Kanaan

13 • ¹Matandang-matanda na si Josue. Kaya sinabi ni Yawe sa kanya: “Matandang-matanda ka na, ngunit malaki pa ang dapat sakupin. ²Ito ang natitira pang lupain: ang mga lupain ng mga Pilisteo at ang buong Gesur. ³(Mula sa batis sa harap ng Ehipto hanggang sa hangganan ng Ekron sa hilaga na siyang kini-kilalang lupaing Kananeo. Ang lupain ng limang prinsipeng ng mga Pilisteo sa Gaza, Asdod, Askalon, Get at Ekron); gayundin ang mga Heveo sa timog. ⁴At saka ang buong lupain ng mga Kananeo mula sa Meara ng mga Sidonio hanggang sa Afek sa hangganan ng mga Amorreo. ⁵Ang lupain ng mga Geblita, at ang buong Lebanon pasilangan, buhat sa Baal-Gad sa may paanan ng Bundok Hermon hanggang sa pagpasok sa Hamat; ⁶ang buong lupain ng mga Sidoniong naninirahan sa dakong bulubundukin mula sa Lebanon hanggang sa Misrefot-maim. Ako ang magtatapoy sa kanila sa harap ng mga Israelita. Paghahati-hatiin mo lamang sa mga Israelita ang lupaing mamamana nila, gaya ng ipinag-utos ko sa iyo. ⁷Kaya ipamahagi mo ngayon ang lupaing iyan bilang pamana sa siyam na tribu at sa kalahating lipi ng Manases.”

⁸Tinanggap na nga ng natitira pang kalahating tribu ng Manases, ganoon din ang mga Rubenita at Gadita, ang kanilang mana na ibinigay sa kanila ni Moises na lingkod ni Yawe, sa dakong silangan ng Jordan: ⁹mula sa Aroer sa tabi ng lambak ng Arnon, ang lunsod na nasa



gitna ng lambak, ang buong mataas na kapatagan buhat sa Madaba hanggang sa Dibon, ¹⁰kasama ang mga lunsod ni Sihon, hari ng mga Amorreo, na naghari sa Hesbon hanggang sa hangganan ng mga Amonita; ¹¹gayundin ang Galaad at ang lupain ng mga Gesurita at mga Maakatita, ang buong Bundok Hermon at ang buong Basan hanggang sa Saleka. ¹²Ang buong kaharian ni Og sa Basan, isang labi ng mga Refaim, na naghari sa Astarot at Edrai. Nilupig at sinakop ni Moises ang mga lupaing ito, ¹³ngunit hindi pinaalis ng mga Israelita ang mga Gesurita at Maakatita, kaya nasa piling pa ng Israel ang mga taga-Gesur at taga-Maaka. ¹⁴Ang lipi lamang ni Levi ang hindi binigyan ng pamana, sapagkat si Yaweng Diyos ng Israel ang kanilang pamana, ayon sa sinabi niya sa kanila.

• **13.1** Binabahagi ni Josue ang Lupang Pangako sa labindalawang tribu.

Iba't ibang grupo ang sama-samang umalis, gaya ng nabasa natin sa Ex 12:38. At sumama naman sa kanila ang iba sa Palestina (tingnan ang Josue 8:33). Hindi sila magkakalahi ni isang grupong buong-buo; at tiyak na hindi pa organisadong bansa ang Israel. Pero binubuo na sila ng labindalawang tribung hindi magkakasinlakas. Dalawa ang nakapangyari: ang Efraim sa hilaga at ang Juda sa timog.

Sa mga nomad na ito, sinasabi ng mga lalaki sa bawat tribu na lahat sila'y inapo ng nagtatag ng tribu, na isang tanyag na lalaki noong araw, na pangalan nito ang kanilang taglay. Dahil itinuturing ng mga Israelita na mga inapo sila ni Jacob-Israel, ipinalagay ng bawat isa sa labindalawang tribu na galing sila sa isa sa mga anak ng kanilang ninunong si Jacob, kung kanino nila tinanggap ang kanilang pangalan.

Sa katunaya'y labintatlo talaga ang labindalawang tribu. Sapat nang paghambingin ang lista ng mga anak ni Jacob sa Gen 35:23 at ang labindalawang tribung nakalista sa librong ito. Nagkakatugma ang listahan sa

mga sumusunod: Ruben, Simeon, Juda, Isacar, Zabulon, Dan, Neftali, Gad, Aser at Benjamin. Pero bumubuo ng dalawang tribu ang “mga anak ni Jose”: Efraim at Manases (Josue 16:4). Kaya kasama ang tribu ng Levi, umaabot ng labintatlo ang lahat. Pero ang huling tribung ito ay binubuo ng mga pamilyang nakatalaga sa mga gawaing panrelihiyon ayon sa tradisyon. Wala silang sariling teritoryo (Josue 21:10), nang sa gayo'y maging labindalawa uli ang bilang ng mga tribu sa paghahati ni Josue sa lupain.

Ginawa ang paghahati sa pagpapalabunutan: sa ganito'y naituturo na regalo ng Diyos ang Lupang Pangako (parehong paglalarawan ang ginagamit ng Salmo 16). Tinanggap ng bawat tribu ang kaparteng hindi nila pinili at ngayo'y dapat nilang sakupin para mapasakanila. Para sa atin din ang halimbawang ito. Tinanggap ng bawat isa sa atin mula sa Diyos ang kanyang kaparte sa buhay. Kailangan nating tanggapin kung anuman ito, tulad ng pagtanggap ng mga tribu sa kanilang “parte sa mana”. Pero pagkatapos nito'y kailangan naman nating sakupin o marating ang ating kapalaran nang may lakas ng loob at pananalig sa Diyos tulad nila.

Ang lupaing ibinigay sa mga tribu ng Ruben, Gad at kalahati ng Manases

¹⁵Ibinigay ni Moises sa mga Rubenita ayon sa kanilang mga angkan ¹⁶ang naging kanilang lupain: mula sa Aroer, sa tabi ng lambak ng Arnon, kabilang ang lunsod sa gitna nito; ang buong mataas na kapatagang malapit sa Madaba; ¹⁷ang Hesbon at lahat ng bayan nito na nasa kapatagan, ang Dibon, Bamot Baal, Bet Baal Maon ¹⁸Jahsa, Kedamot, Mefat, ¹⁹Kiryataim, Sabama, Sarat Asakar, sa burol ng lambak, ²⁰Bet Pehor, ang mga dalisdig ng Pasga, Bet Jesimot, ²¹ang lahat ng lunsod ng mataas na kapatagan at ang buong kaharian ni Sihon, hari ng mga Amorreo, na naghahari sa Hesebon na nilupig ni Moises, at pati ang mga prinsipe ng Madian, ng Evi, Rekem, Sur, Jur at Rebe, na nanirahan sa lupaing ito ²²at si Balam din, na anak ni Beor, na isa sa mga nilipol sa tabak ng mga Israelita. ²³Sa gayon, naging hangganan ng mga Rubenita ang Jordan. Naging pamana ng mga Rubenita ang mga bayan na ito at ang kanilang mga nayon, ayon sa kani-kanilang mga angkan.

²⁴Binigyan din ni Moises ang tribu ng mga Gadita ayon sa kanilang mga angkan. ²⁵Naging lupain nila ang Yaser, lahat ng bayan ng Galaad, at ang kalahati ng lupain ng mga Amonita hanggang sa Aroer, sa harap ng Raba. ²⁶Mula sa Hesbon hanggang sa Ramat-Mispe at Betonim, at mula sa Mahanaim hanggang sa Lodebar; ²⁷at sa lambak naman ng Jordan: ang Bet Aram, Bet Nimra, Sukot at Safon, bahagi ng kaharian ni Sihon, hari sa Hesbon. Naging hangganan nila ang Jordan hanggang sa dulo ng gawing silangan ng Dagat ng Kineret. ²⁸Naging pamana ng mga Gadita ang mga lupain na ito at ang kanilang mga nayon, ayon sa kani-kanilang mga angkan.

²⁹Binigyan din ni Moises ang kalahati ng tribu ng Manases ayon sa kanilang mga angkan. ³⁰Naging lupain nila ang Mahanaim, ang lahat ng Basan, ang buong kaharian ni Og, hari ng Basan, at lahat ng nayon sa Jair, na binubuo ng animnapung bayan sa Basan. ³¹Ang kalahati ng Galaad, pati ng Astarot at Edrai, mga lunsod ng kaharian ni Og sa Basan, ay napasakalahati ng mga inanak ni Makir, anak ni Manases.

³²Ito ang pamanang ibinigay ni Moises nang nasa mga kapatagan ng Moab siya, sa kabilang ibayo ng Jordan sa gawing silangan ng Jerico. ³³Ngunit walang pamanang ibinigay si Moises sa tribu ng Levi sapagkat pamana nila si Yawe na Diyos ng Israel, gaya ng sinabi niya.

14 ¹Narito naman ang tinanggap ng mga Israelita sa lupaing Kanaan. ²Ito ang

pinaghati-hati ni Eleazar na pari at ni Josue na anak ni Nun at ng mga pinuno ng mga angkan sa mga tribu ng mga Israelita. Pinaghati ang pamana sa pamamagitan ng palabunutan, alinsunod sa iniutos ni Yawe kay Moises para sa natitirang siyam at kalahating tribu. ³Binigyan na nga ni Moises ang dalawa at kalahating tribu ng pamana sa kabilang ibayo ng Jordan; at walang pamana naman ang mga Levita sa piling nila. ⁴Ngunit dalawang tribu ang binubuo ng mga anak ni Jose, sina Manases at Efraim, habang hindi binahaginan sa lupain ang mga Levita, maliban sa mga lunsod na kanilang tinitirahan, pati ang lupa sa paligid para sa kanilang bakahan at kawan.

⁵Sa paghahati-hati ng lupain, sinunod ng mga Israelita ang iniutos ni Yawe kay Moises.

Ang bahaging napunta kay Kaleb

⁶Nagsilapit kay Josue sa Gilgal ang mga taga-Juda at sinabi sa kanya ni Kaleb na Keneseo, anak ni Jefone: “Alam mo kung ano ang sinabi ni Yawe kay Moises, ang tao ng Diyos, tungkol sa iyo at sa akin sa Kadesbarne. ⁷Apatnapung taong gulang ako nang ipinadala ni Moises na lingkod ni Yawe, buhat sa Kadesbarne upang magmanman sa lupain at nag-ulat ako sa kanya nang buong katapatan. ⁸Pinahihina ang loob ng bayan ng mga kapatid na sumama sa akin, ngunit ako’y nanatiling tapat kay Yawe na aking Diyos. ⁹Noon ipinangako sa akin ni Moises: ‘Magiging pamana mo at ng mga anak mo magpakailanman ang lupaing tinapakan ng iyong paa, sapagkat lubusan kang naging tapat kay Yawe na aking Diyos.’ ¹⁰Ngayon, iningatan ni Yawe ang aking buhay gaya ng kanyang sinabi, samantalang naglalakbay sa ilang ang Israel, sa loob ng apatnapu’t limang taon pagkatapos ng salitang ito ni Yawe kay Moises. Walumpu’t limang taong gulang na ako ngayon, ¹¹ngunit malakas pa rin ako katulad noong araw na isugo ako ni Moises. Walang nawawalang lakas maging sa digmaan o sa mga gawain. ¹²Kaya ibigay mo sa akin ang kaburulang iyan na binanggit ni Yawe noon katulad ng narinig mo. Naroroon ang malalaking napapaderang lunsod ng mga Enakim, ngunit kung sumasakin si Yawe, maitataboy ko sila, gaya ng sinabi ni Yawe.

¹³Binasbasan ni Josue si Kaleb, anak ni Jefone, at ibinigay sa kanya ang Hebron bilang pamana niya. ¹⁴Kaya napasa-Keneseong si Kaleb, anak ni Jefone ang Hebron, hanggang ngayon sapagkat lubusan siyang naging tapat kay Yawe, na Diyos ng Israel. ¹⁵Dating tinatawag na Kiriath-Arbe ang Hebron. Si Arbe naman

ang siyang pinakadakila sa mga Enakim. At nagpahinga sa pakikipagdigmaan ang lupain.

Ang hangganan ng tribu ng Juda

15 ¹Napabigay sa tribu ng Juda sa palabunutan at ayon sa kanilang mga angkan ang lupaing katabi ng Edom patimog hanggang sa ilang ng Sin. ²Ang Dagat na Patay ang hangganan nito sa timog. ³Tinutunton nito hanggang sa ahunin ng Akrabim, dumaraan ng Sin hanggang katimugang Kadesbarne, dumaraan ng Hesron, lumalabas sa Adar at bumabalik sa Karkaa, ⁴dumaraan ng Asmon at patuloy hanggang sa batis ng Ehipto papalabas sa dagat: Ito ang inyong hangganan sa katimugan.

⁵Ang hangganan sa silangan ay ang Dagat na Asin hanggang sa bunganga ng Jordan.

⁶Nagsisimula ang hangganan sa hilaga sa Dila ng Dagat sa bunganga ng Jordan, umaahon sa Bet Agla, at dumaraan sa hilaga ng Bet Araba hanggang sa Bato ni Boen, anak ni Ruben.

⁷Umaakyat ng Dabir, sa lambak ng Ahor, patungo sa Gilgal na nakaharap sa ahunin ng Adomim, sa gawing timog ng batis; buhat doon ay tumatawid ng mga tubig ng En Semes at umaabot ng En Rogel. ⁸Mula roon ay umaakyat na naman sa lambak Hinon gawing timog ng burol na kinaroroonan ng lunsod ng mga Jebuseo, o Jerusalem. Umaakyat ito sa tuktok ng bundok sa kanlurang bahagi ng Lambak ng Hinom at sa dulong hilaga ng lambak ng Rafaim.

⁹Mula sa tuktok ng bundok, dumaraan iyon hanggang sa bukal ng mga tubig ng Neftoa, umaabot sa mga lunsod ng Bundok Efron, at patuloy sa Baala o Kiriath-jearim. ¹⁰Mula sa Baala, ang hangganan ay lumiliko sa gawing kanluran sa Bundok Seir at dumaraan sa hilaga sa tabi ng Bundok Yarim na siya ring Kesalon; bumababa ng Bet Sames, at dumaraan sa Timna. ¹¹Patuloy ito sa kahabaan ng dakong hilaga ng Ekron, hanggang sa Sekrona, at dumaraan ng Bundok Baala, patungo sa Jabnel hanggang sa Malaking Dagat, o Mediterraneo. ¹²Ang Malaking Dagat at ang baybayin nito ang hangganan sa kanluran. Ito ang lahat ng hangganan ng mga angkan ng mga Judaita.

¹³Alinsunod sa utos ni Yawe, ibinigay ni Josue kay Kaleb, anak ni Jefone, ang isang bahagi sa mga Judaita: ang Kiriath-Arbe (si Arbe ay ama ni Enac), na siya ring Hebron. ¹⁴At dito'y itinaboy ni Kaleb ang tatlong mga inanak ni Enak: sina Sesai, Ahuman at Tolmay. ¹⁵Buhat doon sinalakay niya ang mga naninirahan sa Dabir, na dating tinatawag na Kiriath Sefer. ¹⁶Sinabi ni Kaleb: "Ipakakasal ko ang aking anak na si Aksa sa kanino mang lumupig at

sumakop sa Kiriath Sefer." ¹⁷Nasakop ito ni Otoniel, anak ni Kenaz na kapatid ni Kaleb kaya ipinakasal sa kanya ni Kaleb ang anak niyang dalagang si Aksa. ¹⁸Sa pagdating niya, sinabi niya kay Otoniel na humingi ng isang lupain sa kanyang ama. ¹⁸Pagkaraan, habang umiibis ang babae sa asno, itinanong sa kanya ni Kaleb: "Ano ang ibig mo?" ¹⁹Sumagot ang babae: "Bigyan mo ako ng isang kaloob! Yayamang pinagkalooban mo na ako ng tuyong lupain sa Negeb, bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig." Kaya ibinigay sa kanya ang mga Bukal sa Itaas at ang mga Bukal sa Ibaba.

Mga lunsod ni Juda

²⁰Ito ang mga pamana ng mga taga-Juda ayon sa kanilang mga angkan: ²¹Ito ang mga bayan ng tribu ng Juda sa hangganan patungo sa Edom: Kabsel, Edel, Yagur, ²²Kina, Dimona, Adada, ²³Kades, Asor, at Yitnan; ²⁴Zif, Telem, Balot, ²⁵Asor ang bago at Kariot, Esrom, ²⁶Aman, Sama, Molada, ²⁷Asergada, Asemon, Bet Pelet, ²⁸Asarsual, Berseba at ang mga nayon nito, ²⁹Baala, Iyim, Esem, ³⁰Eltolad, Kesil, Horma, ³¹Sikeleg, Madmana, Sansana, ³²Lebaot, Silkim, Ain-Remon; dalawampu't siyam na bayang lahat pati ang kanilang mga nayon.

³³Sa kapatagan: ang Estaol, Sarea, Asena, ³⁴Zanoak, Ain Ganim, Tapuaj, Enaim, ³⁵Jerimot, Adulam, Soko, Azeka, ³⁶Saraim, Aditaim, Gedera; labing-apat na lunsod pati ang mga nayon nito. ³⁷Ang Senan, Adasa, Migdal-Gad, ³⁸Deleam, Masefa, Yoktel, ³⁹Lakis, Boscat, Eglon, ⁴⁰Kabon, Lakmas, Ketlis, ⁴¹Gederot, Bet Dagon. Nahama at Makkeda; labing-anim na lunsod pati ang mga nayon nito. ⁴²Ang Libna, Eter, Asan, ⁴³Yefta, Esna, Nesib, ⁴⁴Keila, Aksib, Maresa; siyam na lunsod pati ang kanilang mga nayon. ⁴⁵Ang Ekron at ang mga bayan nito at mga nayon. ⁴⁶Mula sa Ekron hanggang sa dagat, ang lahat ng bayang malapit sa Asdod at ang kanilang mga nayon. ⁴⁷Ang Asdod at ang mga bayan at mga nayon nito; ang Gaza at ang mga bayan at mga nayon nito, hanggang sa Batis ng Ehipto at ang baybayin ng Malaking Dagat.

⁴⁸Sa kabundukan: ang Samir, Yattir, Sokot, ⁴⁹Dana, Kiriath Sana, (na siya ring Dabir), ⁵⁰Anab, Estemo, Anim, ⁵¹Gosem, Holon at Gilo; labing-isang bayan pati ang mga nayon nito. ⁵²Ang Arab, Duma, Esan, ⁵³Yanum, Bet-Tapuaj, Afeka, ⁵⁴Humta, Kiriath Arbe (na siya ring Hebron), at Sior; siyam na lunsod pati ang mga nayon nito. ⁵⁵Ang Maon, Carmel, Zif, Yuta, ⁵⁶Jezrael, Yorkeam, Zanoak, ⁵⁷Hakain, Gibe,

Tamna; sampung lunsod pati ang mga nayon nito. ⁵⁸Ang Kalkul, Betsur, Gedor, ⁵⁹Marat, Bet-Anot at Eltekon; anim na lunsod pati ang mga nayon nito. Ang Tekoa, Efrata (na siya ring Belen), Fogor, Etam, Culon, Tatam, Sores, Karim, Galim, Better at Manoco; labing-isang lunsod pati ang mga nayon nito. ⁶⁰Ang Kiriath Baal (na siya ring Kiriath Jearim) at Haraba; dalawang lunsod pati ang mga nayon nito.

⁶¹Sa ilang: ang Bet Araba, Mendin, Secaca, ⁶²Nebsan, Ir-hamelah at Enggaddi; anim na lunsod pati ang kanilang mga nayon. ⁶³Hindi naitaboy ng mga taga-Juda ang mga Jebuseong naninirahan sa Jerusalem kaya hanggang ngayon, naninirahan sila sa Jerusalem kasama ng mga taga-Juda.

Ang tribu ng Efraim

16 ¹Ang lupaing napabigay sa mga anak ni Jose sa palabunutan ay may hanggang mula sa Jordan na katapat ng Jerico umahon patungo sa mga tubig ng Jerico sa gawing silangan; dumaraan sa ilang, na umaakyat mula sa Jerico hanggang sa hilaga ng Betel. ²Mula sa Betel patungong Luz, dumaraan ng hangganan ng mga Arkeo sa Atarot, at bumababa sa gawing kanluran hanggang sa hangganan ng mga Yeflita, ³hanggang sa Mababang Bet Horon, at sa Gazer, patungo sa dagat.

⁴Ito ang pamana na pinaghati-hatian ng mga anak ni Jose, na sina Manases at Efraim. ⁵Ito ang hangganan ng mga anak ni Efraim ayon sa kanilang mga angkan: sa silangan ang Atarot-Adar hanggang Betoron sa Itaas. ⁶At papunta sa kanluran, dumaraan sa Mikmetat ang hangganan, lumiliko sa silangan malapit sa Tanat Silo, at dumaraan ito sa silangan ng Yanoak. ⁷Mula Yanoak ay bumababa hanggang sa Atarot at Naarat, at umabot sa Jerico at sa Jordan. ⁸At saka, mula sa Tapuaj tumutungo ang hangganan sa kanluran sa batis ng Kana at umaabot sa dagat. Ito ang pamana sa mga angkan ng Efraim, ⁹pati ang mga bayan at nayong nakalaan sa mga Efraimita sa loob ng lupain ng mga taga-Manases. ¹⁰Ngunit hindi nila napaalis ang mga Kananeong naninirahan sa Gazer at hanggang ngayon nasa Efraim pa ang mga ito, ngunit pinagtatrabaho sila bilang alipin.

Ang tribu ng Manases

17 ¹Ito ang napasatribu ng Manases na panganay ni Jose. Mana ang tinanggap ni Makir, panganay ni Manases. Isa siyang mandirigma, kaya tinanggap niya ang Galaad at Basan. ²Binigyan din ng kabahagi ang mga iba pang inanak ni Manases, ang mga angkan ng

Abiezer, Helek, Asriel, Sikem, Yefer at Semida, ayon sa kanilang angkan. Sila'y mga anak na lalaki ni Manases na anak ni Jose.

³Walang anak na lalaki si Selopkad, anak ni Yefer, anak ni Galad, anak ni Makir, anak ni Manases, kundi mga anak na babae na sina Majla, Noa, Yogla, Milca at Tirsas. ⁴Nagsiharap sila kay Eleazar na pari, kay Josue na anak ni Nun, at sa mga prinsipe, at sinabi: "Inutusan ni Yawe si Moises na bigyan kami ng pamana sa piling ng aming mga kamag-anak." Kaya binigyan sila ng pamana sa piling ng mga kamag-anak ng kanilang ama, ayon sa iniutos ni Yawe. ⁵Kaya sampung bahagi ang napunta kay Manases bukod pa sa lupain ng Galaad at Basan sa kabilang ibayo ng Jordan ⁶Magmamana ang mga anak na babae ni Manases kasama ng kanyang mga anak na lalaki, at napunta naman sa natitirang mga taga-Manases ang lupain ng Galaad.

⁷Mula sa Micmetat na katapat ng Sikem hanggang Aser ang hangganan ng Manases. Patungo sa timog umaabot ang hangganan sa Bukal ng Tapuaj. ⁸Kay Manases ang lupain ng Tapuaj ngunit kay Efraim ang lunsod ng Tapuaj na nasa hangganan ng Manases. ⁹Bumababa ang hangganan sa batis ng Kana, sa timog ng batis. Pag-aari ni Efraim ang mga lunsod na ito sa gitna ng mga lunsod ni Manases at sa hilaga ng batis ang hangganan ng Manases na nagwawakas sa dagat. ¹⁰Kay Efraim ang lupaing nasa timog at kay Manases ang nasa hilaga kapwa hanggang sa dagat. Umaabot sila sa Aser sa kahilagaan at sa Isacar sa silangan. ¹¹Tinanggap ni Manases sa Isacar at Aser ang Betsan at ang mga nayon nito, ang Yibleam at ang mga nayon nito, ang Dor at ang mga nayon nito, ang mga naninirahan sa Endor at sa mga nayon nito at ang mga naninirahan sa Tanak at ang mga nayon nito, at ang mga naninirahan sa Megido at ang mga nayon nito at ang ikatlo ng Nefet. ¹²Ngunit hindi nalupig ng mga taga-Manases ang mga lunsod na ito at nagtagal dito ang mga Kananeo. ¹³Nang lumakas ang mga Israelita, pinatawan ng buwis ang mga Kananeo, ngunit hindi nila pinaalis.

¹⁴Sinabi ng mga inanak ni Jose kay Josue: "Bakit isang bahagi lamang ng lupain ang ibinigay mo sa amin gayong napakarami namin sa pagpapala ni Yawe?" ¹⁵Sumagot sa kanila si Josue: "Kung marami kayo at masyadong maliit ang kabundukan ng Efraim, magsitungo kayo sa gubat ng mga Pereseo at Rafaim at hawanin ninyo ito." ¹⁶Sinabi naman ng mga taga-Jose: "Hindi sapat sa amin ang bulubundukin, ngunit may mga karwaheng bakal ang lahat ng

Kananeong naninirahan sa lambak; gayundin ang mga nasa Betsan at ang nasa Jezrael at ang nasa mga bayan nito.”¹⁷ Kaya sumagot si Josue sa sambahayan ni Jose, kina Efraim at Manases: “Ikaw ay isang bayang makapal at napakalakas. Hindi lamang isang bahagi ang mapapasaiyo, sapagkat sa iyo ang dakong gubat at hahawanin mo ito.”¹⁸ Mapapasaiyo lahat ito sapagkat itataboy mo ang mga Kananeo kahit na malalakas sila at may mga karuwaheng bakal.”

Hinati-hati ni Josue ang natitirang bahagi ng lupain

18 ¹Nang sumuko na sa kanila ang buong lupain, nagpulong ang buong kalipunan ng mga Israelita sa Silo, at doon nila itinayo ang Tolda ng Pagtatagpo.

²Pito pang tribu sa mga Israelita ang hindi pa nakatatanggap ng kanilang pamana. ³Kaya sinabi ni Josue sa kanila: “Hanggang kailan ba kayo magpapabaya sa pagsakop ng lupaing ipinagkaloob sa inyo ni Yawe, ang Diyos ng inyong mga ninuno? ⁴Pumili kayo ng tatlo sa bawat tribu; ipadadala ko sila upang galugarin ang lupain at nang mahati natin iyon ayon sa kanilang iuulat. ⁵Hahatiin iyon sa pitong bahagi sapagkat may lupain na ang Juda sa timog, gayundin ang sambahayan ni Jose sa hilaga. ⁶Kaya gumawa kayo ng partisyon ng lupain sa pitong bahagi at ipakita sa akin ang plano upang magpalabunutan sa harap ni Yaweng ating Diyos. ⁷Walang bahagi para sa mga taga-Levi, sapagkat sariling pamana nila ang pagpapari para kay Yawe magpakailanman. Tungkol naman sa mga tribu ng Ruben at Gad at sa kalahating tribu ng Manases, tinanggap na nila sa silangang gawi ng Jordan ang pamanang ibinigay sa kanila ni Moises na lingkod ni Yawe.

⁸Paalis na ang mga napiling lalaki, at sinabi ni Josue sa kanila: “Galugarin ninyo ang lupain at ilarawan iyon at magbalik at magpapalabunutan ako dito sa Silo sa harap ni Yawe.” ⁹Kaya nagpunta at nagdaan sila sa lupain, isinulat nila ito ayon sa mga lunsod niyon at hinati-hati sa pitong bahagi. At nagsibalik sila kay Josue sa kampo sa Silo. ¹⁰Pinagpalabunutan ni Josue ang lupain para sa kanila sa harap ni Yawe sa Silo. Dito niya pinagbaha-bahagi ito para sa mga anak ng Israel.

Ang tribu ng Benjamin

¹¹Napunta ang unang bahagi ng lupain sa mga angkan ng tribu ng Benjamin. Nasa pagitan ng mga taga-Juda at ng mga taga-Jose ang lupaing napasakanila. ¹²Mula sa Jordan ang kanilang hangganan sa hilaga at umaabot sa

gawing hilaga ng Jerico. Umaahon ito patungo sa kanluran hanggang sa makarating sa ilang ng Bet Aven. ¹³Buhat dito, dumaraan ito sa katimugang dako ng Luz (na siya ring Betel); at saka bumababa sa Atarot Adar sa may bundok sa timog ng Ibabang Betoron. ¹⁴Sa gawing kanluran naman lumiko ang hangganan patungo sa timog mula sa bundok na nasa tapat ng Betoron at umabot sa Kiriat Baal (na siya ring Kiriat Yearim), na pag-aari ng mga taga-Juda. Ito ang hangganan sa kanluran.

¹⁵Nagsisimula sa dulo ng Kiriat Yearim ang hangganan sa timog at umabot sa tubig ng Naftoah. ¹⁶Bumababa sa gilid ng bundok na nakaharap sa lambak ng Ben Hinon, sa hilagaan ng lambak ng Refaim, at binabaybay ang lambak ng Ben Hinon sa dalisdid ng mga Jebuseo patimog hanggang sa En Rogel. ¹⁷Tumutuloy iyon sa hilaga, at umabot sa En Semes, patuloy sa Guelitot, sa tapat ng tabing bundok ng Adomin; bumaba sa Bato ni Boen, anak ni Ruben, ¹⁸dumaan sa Ketef sa harap ng Araba sa hilaga at bumaba sa Araba. ¹⁹Nagpatuloy ang hangganan sa hilagaan ng Bet Hogla at umabot sa dila ng Dagat Asin sa bunganga ng Jordan. Iyan ang hangganan sa timog. ²⁰At ang Jordan ang naging hangganan sa silangan. Ito ang mana ng mga angkan ng Benjamin na itinakda ng mga hangganan.

²¹Ito ang mga lunsod ng mga angkan ng tribu ng Benjamin: Jerico, Bet Hogla, Emek, Kasis, ²²Bet Araba, Semaraim, Betel, ²³Avim, Afara, Ofra, ²⁴Kefar-haamon, Ofni at Geba; labindalawang lunsod pati ang kanilang mga nayon. ²⁵Ang Gibeon, Rama Berot, ²⁶Mispe, Kefira, Amosa, ²⁷Rekem, Yirpeel, Tarela. ²⁸Ang Sela, Elef, Jebus (na siya ring Jerusalem); Gibeat at Kiriat; labing-apat na bayan pati ang kanilang mga nayon. Ito ang pamana sa mga Benjaminita ayon sa kanilang mga angkan.

Ang bahagi ng iba pang anim na tribu

19 ¹Tinanggap ng mga angkan ng Simeon ang ikalawang bahagi na nasa loob ng sa mga taga-Juda. ²Nasa pamana nila ang Berseba, Seba, Molada, ³Aser Sual, Bala, Asem, ⁴Eltolad, Betul, Horma, ⁵Sikeleg, Bet Markabot, Hasersusa, ⁶Bet Lebaot at Saruken; labintatlong bayan pati ng kanilang mga nayon. ⁷Ang Ain, Remon, Atar, at Asan; apat na lunsod pati ang kanilang mga nayon, ⁸bukod pa sa lahat ng nayong nasa paligid ng mga lunsod na ito hanggang sa Baalat Beer na siya ring Ramat-Negueb. Ito ang mana ng mga angkan ng tribu ng mga Simeonita. ⁹Nasa loob ng mga hangganan ng Juda ang manang ito ng mga Simeonita. Napa-

kalaki nga para sa mga taga-Juda ang bahagi nila, kaya dito tumanggap ang mga Simeonita ng sariling lupain.

¹⁰Tinanggap ng tribu ng Zabulon ang ikatlong bahagi ayon sa kanilang mga angkan. Umabot sa Sarid ang hangganan ng kanilang pamana. ¹¹Umakyat iyon sa kanluran sa Marala hanggang makarating sa Debaset, at pagkaraan, sa batis na nasa harap ng Yokneam. ¹²Mula sa Sarid patungo sa silangan hanggang sa hangganan ng Keselet Tabor; patuloy sa Daberet at umakyat sa Yafia. ¹³Mula roon patuloy sa gawing silangan sa Gatha-Hefer at sa Itakasin; umabot sa Rimon at lumiko sa Noa. ¹⁴Lumiko sa hilaga ng Anaton at nagwakas sa lambak ng Yeftakel. ¹⁵Kaya labindalawang bayan lahat pati ang kanilang mga nayon kung kasama ang Katat, Nalal, Simron, Jedala at Betlehem. ¹⁶Ito ang pamana ng mga angkan ng Zabulon.

¹⁷Tinanggap ng mga angkan ng Isacar ang ikaapat na bahagi. ¹⁸Nasa kanilang lupain ang Jezrael, Kesulot, Sunem, ¹⁹Yafaraim, Sion, Anakerat, ²⁰Rabit, Kisyon, Ebes, ²¹Ramet, En Ganim, En Kada, at Bet Fases. ²²Umabot ang hangganan sa Tabor, Sakasim at Betsames at nagwakas sa Jordan. ²³Labing-anim na bayan pati ang kanilang mga nayon: ito ang pamana sa mga angkan ng mga Isacarita.

²⁴Tinanggap ng mga angkan ng Aser ang ikalimang bahagi. ²⁵Nasa kanilang lupain ang Helcat, Hali, Beten, Acsaf, ²⁶Elmelec, Amad at Mesal. Umabot sa Karmelo ang hangganan sa gawing kanluran, at sa Sikor Libanat. ²⁷Pagkatapos lumiko pasilangan patungo sa Bet Dagon, umabot sa Zabulon at sa lambak ng Yeftael, pahilaga; dumaan sa Bet Emek at Nejiel, at umabot sa Kabul sa kaliwa, ²⁸sa Masal, Abdon, Rehob, Hamon at Kana, hanggang sa Malaking Sidon. ²⁹Nagbalik sa Rama ang hangganan at umabot sa napapaderang lunsod ng Tiro. Dumaan sa Hosa at nagwakas sa dagat sa dako ng Makleb at Acziba. ³⁰Dumaan sa Akra, Afek at Rehob. Dalawampu't dalawang bayan pati ang kanilang mga nayon. ³¹Ito ang pamana ng mga angkan ng Aser.

³²Tinanggap ng mga angkan ng Neftali ang ikaanim na bahagi. ³³Simula sa Jelef ang hangganan sa ensinang nasa Senanim, sa Adami-Nekeb at Yabnel hanggang sa Lekum, at nagwakas sa Jordan. ³⁴Nagbalik ang hangganan sa kanluran sa may Azonot Tabor at mula roon patungo sa Hukok; umabot sa Zabulon sa timog, sa Aser sa kanluran, at sa Jordan sa silangan. ³⁵Ang mga napapaderang lunsod: Asedim, Ser, Hamat, Rekat, Keneret, ³⁶Adama, Hama,

Hasor, ³⁷Kades, Erai, En Hasor, ³⁸Yeron, Migdalel, Horen, Bet Anat at Bet-Sames; labingsiyam na bayan pati ang kanilang mga nayon. Ito ang pamana ng mga angkan ng Neftali.

⁴⁰Tinanggap ng mga angkan ng Dan ang ikapitong bahagi. ⁴¹Nasa kanilang lupain ang Sarea, Estaol, Ir Semes, ⁴²Selebin, Ayalon, Yetta, ⁴³Elon, Temnata, Ekron, ⁴⁴Elteke, Gibeton, Balat, ⁴⁵Yehud, Bene Barak, Gat Rimon, ⁴⁶Meyarkon at Rakon, pati ang lupaing nasa tapat ng Joppe. ⁴⁷Ngunit umabot ang mga Danita sa labas ng kanilang lupain. Nagsiahon sila sa Lesem. Nilusob ito at pinuksa ng tabak. At nang makuha nila ito, pinanganlan nilang Dan, ayon sa pangalan ng kanilang ninunong si Dan. ⁴⁸Ang mga bayang ito pati ang kanilang mga nayon ang siyang naging pamana ng mga angkan ng mga Danita.

⁴⁹Matapos mahati ng mga Israelita ang lupain sa palabunutan, nagbigay sila ng isang pamana kay Josue, anak ni Nun. ⁵⁰Ginawa nila ang iniutos ni Yawe at ibinigay nila sa kanya ang lunsod na hiniling niya, ang Tamnat-Sara sa kabundukan ng Efraim. Itinayo niyang muli ang lunsod at doon siya tumira.

⁵¹Ito ang mana na hinati-hati sa palabunutan ni Eleazar na pari, ni Josue na anak ni Nun, at ng mga pinuno ng mga angkan ng Israel sa harapan ni Yawe sa may pintuan ng Toldang Tagpuan sa Silo. Ganito natapos ang paghahati sa lupain.

Ang mga lunsod na takbuhan

20 ¹Sinabi ni Yawe kay Josue: ²“Ito ang sasabihin mo sa mga Israelita: Itakda ang mga lunsod na takbuhan na sinabi ko sa inyo sa pamamagitan ni Moises. ³Doon tatakbo ang sinumang nakamatay nang di-sinasadya. At ang mga ito ang magiging kublihan laban sa paghihiganti ng kaanak ng namatay. ⁴Makata-takbo sa isa sa mga lunsod na ito ang nakapatay, at pagdating niya sa pintuan ng lunsod, ipaliliwanag niya ang usapin sa matatanda ng lunsod, na siyang tatanggap sa kanya at maglaan sa kanya ng isang pook na matitirhan niya sa piling nila. ⁵Kung hahabulin siya ng maghihiganti, hindi ibibigay ang nakapatay sa kamay nito sapagkat di-sinasadya ang pagkapatay sa kapwa at walang kimkim na galit. ⁶Doon siya titira hanggang sa pagharap niya sa kapulungan para hatulan – hanggang sa mamatay ang Punong Paring nasa puwesto nang panahong iyon. At saka pa lamang makauwi ang nakapatay sa kanyang sariling lunsod na nilayuan niya.”

⁷Kaya itinalaga nila ang Kades sa Galilea sa kabundukan ng Neftali, ang Sikem sa kabun-

dukan ng Efraim, at ang Kiriath Arba, na siya ring Hebron, sa kabundukan ng Juda. ⁸At sa kabilang ibayo ng Jordan sa silangang Jerico inilaan nila ang Basor sa ilang, sa may kapatagan, sa tribu ng Ruben; ang Ramot sa Galaad sa tribu ng Gad, at ang Golan sa Basan, sa tribu ng Manases. ⁹Ito ang mga lunsod na nakalaan upang matakbuhan ng sino mang Israelita o dayuhang naninirahan sa kanila na nakapatay nang di-sinasadya, upang huwag siyang mamatay sa kamay ng maghihiganti hanggang di nakahaharap sa kapulungan.

Ang mga lunsod na Levitico

21 ¹May nagsilapit na mga pinuno ng mga angkang Levita kay Eleazar na pari, kay Josue, anak ni Nun, at sa mga pinuno ng mga angkan ng lahat ng tribu ng mga Israelita. ²At nagsabi sa kanila sa Silo, sa lupain ng Kanaan: “Nagpautos si Yawe kay Moises na bigyan kami ng mga bayan na matitirhan na may mga lupang pastulan ng aming mga hayop.” ³Kaya nagbigay ang mga Israelita sa mga Levita mula sa kanilang pamana ng mga bayan na may mga lupang pastulan, alinsunod sa utos ni Yawe.

⁴Tinanggap sa palabunutan ng mga angkan ng mga Kaatita ang unang bahagi. Tinanggap ng mga inanak ng paring si Aaron, na mga Levita ang labintatlong lunsod sa mga tribu ng Juda, Simeon at Benjamin. ⁵Tinanggap sa palabunutan ng ibang mga Kaatita ang sampung lunsod sa mga angkan ng tribu ng Efraim, Dan, at ng kalahati ng tribu ng Manases. ⁶Tinanggap sa palabunutan ng mga Gersonita ang labintatlong bayan sa mga angkan ng tribu ng Isacar, Aser, Neftali, at ng kalahati ng tribu ng Manases sa Basan. ⁷Tinanggap ng mga Merarita ang labindalawang bayan sa mga tribu ng Ruben, Gad at Zabulon. ⁸Ibinigay ang mga bayang ito pati ang kanilang mga lupang pastulan ng mga Israelita sa mga Levita sa palabunutan upang sumunod sa iniutos ni Yawe kay Moises.

⁹Mula sa mga tribu ng Juda at Simeon, ibinigay ang mga bayang ito. ¹⁰Unang binigyan ang mga inanak ni Aaron sa angkang Kaatita ng mga Levita. ¹¹Ibinigay sa kanila ang Kiriath Arba (si Arba ay ama ni Enak), na siya ring Hebron, sa kabundukan ng Juda, pati ang kanyang lupang pastulan. ¹²Ngunit nailaan na kay Kaleb, anak ni Jefone ang lupain at ang mga nayon na sakop ng bayan, na ari-arian nila. ¹³Ibinigay sa mga inanak ng paring si Aaron ang Hebron, lunsod na takbuan, pati ang mga lupang pastulan nito; gayundin ang Libna at ang mga lupang pastulan nito, ¹⁴ang Yatir, Estemot,

¹⁵Holon, Dabir, ¹⁶Asan, Yuta, at Betsames, pati ang kani-kanilang mga lupang pastulan: siyam na bayan sa dalawang nabanggit na tribu. ¹⁷Nakakuha sila ng apat na bayan mula sa Benjamin: Gibeon, Geba, ¹⁸Anatot at Almon pati ang kani-kanilang mga lupang pastulan. ¹⁹Sa gayon labintatlo lahat ang mga bayan pati ang kanilang mga lupang pastulan na pag-aari ng mga inanak na pari ni Aaron.

²⁰Mula sa tribu ng Efraim nakakuha sa palabunutan ng apat na lunsod ang ibang mga angkang Kaatita sa mga Levita. ²¹Ang Sikem, lunsod na takbuan, pati ang lupang mga pastulan nito ang ibinigay sa kanila, sa kabundukan ng Efraim, gayundin ang Gazer pati ang mga lupang pastulan nito, ²²ang Kisaim at Betoron pati ang kanilang mga lupang pastulan. ²³Sa tribu ng Dan nila nakuha ang apat na bayan: Elteko, Gibeton, ²⁴Ayalon at Gat Rimmon pati ang kani-kanilang mga lupang pastulan. ²⁵Sa kalahati ng tribu ng Manases ang dalawang bayan ng Tanak at Gat Rimmon pati ang kanilang mga lupang pastulan. ²⁶Sampu ang lahat ng bayang ito pati ang kanilang mga lupang pastulan na ibinigay sa ibang mga angkang Kaatita.

²⁷Mula sa kalahati ng tribu ng Manases nakakuha ang angkang Gersonita ng mga Levita ng dalawang bayan. Ang Golan sa Basan, lunsod na takbuan, ang ibinigay sa kanila, at pati ang Astarot kasama ang mga lupang pastulan ng mga ito. ²⁸Mula sa Isacar nila nakuha ang apat na bayan ng Kisyon, Daberet, ²⁹Yarmut at En Ganim pati ang kani-kanilang mga lupang pastulan. ³⁰Sa Aser ang apat na bayan ng Masal, Abdon, ³¹Yelkat at Rejob pati ang kani-kanilang mga lupang pastulan. ³²Sa Neftali, ang tatlong bayan. Ibinigay sa kanila ang Kades ng Galilea, lunsod na takbuan, pati ang mga lupang pastulan nito, ang Hamot Dor at Kartan pati ang kanilang mga lupang pastulan. ³³Labintatlo lahat ang mga bayang ito pati ang kanilang mga lupang pastulan na ibinigay sa mga angkang Kaatita.

³⁴Mula sa Zabulon tinanggap ng mga angkang Merarita, ang kahuli-hulihan sa mga Levita, ang apat na bayan ng Yokneam, Karta, ³⁵Rimmon at Nahalal pati ang kanilang mga lupang pastulan. ³⁶Mula sa Ruben din, sa kabilang ibayo ng Jordan, ang apat na bayan. Ibinigay sa kanila ang Besor, lunsod na takbuan, ang Yasa, ³⁷ang Kedemot at Mefat pati ang kanilang mga lupang pastulan; at mula sa Gad ang apat na lunsod: ang lunsod na takbuan na Ramot ng Galaad, at pati Manajaim, ³⁹Jesebon at Yazer pati ang kani-kanilang mga lupang

pastulan. ⁴⁰Labindalawa lahat ang mga bayang ibinigay sa palabunutan sa mga angkang Merarita.

⁴¹Kaya apatnapu't walo ang kabuuang bilang ng mga bayang ibinigay sa mga Levita mula sa lupain ng mga Israelita pati ang mga lupang pastulan ng mga iyon. ⁴²Kasama ng bawat isa sa mga bayang ito ang mga lupang pastulan sa paligid ng bayan.

⁴³Sa gayon ibinigay ni Yawe sa Israel ang buong lupaing ipinangako niya sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa kanila. Nasakop nila iyon at nanirahan doon. ⁴⁴Pinagkalooban sila ni Yawe ng kapayapaan sa lahat ng hangganan, gaya ng kanyang ipinangako sa kanilang mga ninuno. Hindi nakalaban sa kanila ang isa man sa kanilang mga kaaway; pinasuko sa kanila ni Yawe ang lahat nilang kaaway. ⁴⁵Natupad ang lahat ng pangako ni Yawe sa sambahayan ng Israel.

Ang altar sa kabilang bahagi ng Jordan

22 • ¹Kaya ipinatawag ni Josue ang mga Rubenita, mga Gadita, at ang kalahati ng tribu ni Manases. ²Sinabi niya: "Natupad na ninyo ang lahat ng ipinag-utos sa inyo ng lingkod ni Yawe na si Moises, at sinunod ang lahat ng iniutos ko sa inyo. ³Hindi ninyo pinabayaan ang inyong mga kamag-anak sa loob ng matagal na panahon hanggang ngayon at inyong tinupad ang utos ni Yaweng inyong Diyos. ⁴Pinagpahinga na ni Yaweng inyong Diyos ang inyong mga kamag-anak ayon sa ipinangako niya sa kanila, kaya bumalik na kayo sa inyong mga kubol sa kabilang ibayo ng Jordan. Umuwi kayo sa inyong sariling lupain, na ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ni Yawe. ⁵Lamang ay maingat ninyong isakatuparan ang mga utos at ang Batas na itinadhana sa inyo ni Moises na lingkod ni Yawe: mahaln si Yaweng inyong Diyos; lumakad sa kanyang mga daan; tupdin ang kanyang mga utos; makiisa sa kanya at paglingkuran nang buo ninyong puso at kaluluwa." ⁶Binasbasan at pinaalis sila ni Josue at umuwi sila sa kanilang sariling mga kubol.

⁷Ibinigay nga ni Moises sa kalahati ng Manases ang lupain sa Basan; at sa natitirang kalahati ibinigay naman ni Josue ang bahaging kapiling ng kanilang mga kamag-anak sa gawing kanluran ng Jordan. Binabasan din sila ni Josue nang paalis at pauwi na sa kanilang mga

kubol. Sinabi niya. ⁸"Magsibalik na kayo sa inyong mga kubol taglay ang malaking kayamanan, napakaraming hayop, pilak, ginto, tanso at bakal, at napakaraming damit. Bahaginan ninyo ang inyong mga kamag-anak doon ng mga nasamsam sa inyong mga kaaway."

⁹Kaya iniwan ng mga Rubenita, mga Gadita at ng kalahati ng tribu ng Manases ang ibang mga Israelita sa Silo sa lupaing Kanaan at nagsibalik sila sa lupaing Galaad, na kanilang nanganggap alinsunod sa utos ni Yawe kay Moises.

¹⁰Pagdating nila sa may Jordan sa lupang Kananeo, itinayo roon ng mga Rubenita, mga Gadita at ng kalahati ng tribu ng Manases ang isang napakalaking altar sa tabi ng Jordan.

¹¹Nabalitaan ng ibang mga Israelita na itinayo ng mga Rubenita, mga Gadita at ng kalahati ng tribu ng Manases ang isang dambana sa may Jordan sa harap ng lupaing Kanaan, sa kabilang ibayo ng lupain ng mga Israelita. ¹²Pagkabalita nila dito, nagtipun-tipon sa Silo ang buong kalipunan ng Israelita upang makipagdigmaan sa kanila.

¹³Sinugo ng mga Israelita sa mga Rubenita, mga Gadita at sa kalahati ng tribu ni Manases sa lupaing Galaad si Pinhas na anak ng paring si Eleazar, ¹⁴kasama ang sampung pinuno, isa sa bawat tribu ng Israel at ang bawat isa'y pinuno ng kanyang sambahayan. ¹⁵Pagdating nila sa mga Rubenita, mga Gadita at sa kalahati ng tribu ng Manases sa lupaing Galaad, sinabi nila sa mga ito:

¹⁶"Ito ang sinasabi sa inyo ng buong kalipunan ni Yawe: Ano ba'ng kataksilang ginawa ninyo laban sa Diyos ng Israel? Bakit ninyo tinalikdan si Yawe ngayon sa pagtatayo ng isang altar? Naghihimagsik ba kayo kay Yawe? ¹⁷Hindi pa ba sapat ang pagkakasala sa Peor? Hindi pa nga tayo nilinis dito sa kabila ng salot na dumapo sa kalipunan ni Yawe. ¹⁸Kung maghihimagsik tayo kay Yawe ngayon, bukas, magagalit siya sa buong kalipunan ng Israel! ¹⁹Kung inaakala ninyong di-malinis ang lupang inaari ninyo ngayon, magsitawid kayo sa lupain ni Yawe na kinaroroonan ng Tirahan niya, at tumira kayo sa aming piling. Ngunit huwag kayong maghihimagsik kay Yawe at sa amin din sa pagtatayo ng isang altar maliban sa altar ni Yaweng ating Diyos. ²⁰Nang sumuway sa banal na sumpa si Akan na anak ni Zare, hindi ba

• **22.1** May kalabuan ang kalagayan ng mga tribung naninirahan sa silangan ng Jordan: nasa labas sila ng Lupang Pangako na ang Jordan ang hangganan (tingnan ang paliwanag sa Jos 3). Pinatutunayan ng Kabanata 22 ang makatwirang pahayag ng mga tribung nasa kabilang ibayo ng Jordan, na kabilang sila

sa bayang Israel at pinatutunayan sa atin ang katwiran ng pagkakaroon ng mga altar sa lalawigan nang mga panahong iyon. Nang panahon na lamang ni Josias, sa katapusan ng ikapitong dantaon bago kay Kristo, itinakdang gawin ang lahat ng seremonyang panrelihiyon sa altar ng Jerusalem.

bumagsak ang galit sa buong kalipunan ng Israel? Hindi lamang siya ang nasawi dahil sa kanyang kasalanan!”

²¹Sumagot ang mga Rubenita, mga Gadita at ang kalahati ng tribu ng Manases at sinabi nila sa mga pinuno ng mga sambahayan ng Israel: ²²“Diyos ng mga diyos si Yawe! Alam ni Yawe at alam din ng Israel: kung naghihimagsik o nagtataksil kami kay Yaweng ating Diyos, huwag niya kaming iligtas ngayon!” ²³Parusahan nawa kami ni Yawe kung nagtayo kami ng isang altar upang tumalikod sa kanya, o para ialay ang mga sinunog na handog, ang mga hain o mga handog sa kapayapaan. ²⁴Ngunit nangamba kami at baka bukas sabihan ng inyong mga anak ang aming mga anak: ‘Ano ang kinalaman ninyo kay Yawe, ang Diyos ng Israel?’ ²⁵Sapagkat inilagay nga ni Yawe ang isang hangganan na mamamagitan sa inyo at sa amin, ang Jordan. Walang bahagi kay Yawe kayong mga inanak nina Ruben at Gad.’ Kung magkagayon malilalayo ng inyong mga anak ang aming mga anak kay Yawe.

²⁶Kaya ipinasya naming gumawa ng isang dambana, hindi ukol sa mga sinunog na handog o iba pang mga hain ²⁷kundi upang maging saksi ito sa amin at sa inyo at sa ating mga inanak na mayroon kaming karapatang sumamba kay Yawe sa kanyang harapan sa pamamagitan ng aming mga sinunog na handog, mga hain, at mga handog sa kapayapaan. Sa gayon hindi masasabi ng inyong mga anak sa aming mga anak: ‘Wala kayong bahagi kay Yawe.’ ²⁸Kung sakaling magsalita sila nang gayon sa amin o sa aming mga inanak, maisasagot namin sa kanila: ‘Tingnan ninyo ang anyo ng altar ni Yawe na ginawa ng aming mga magulang, hindi ukol sa mga sinunog na handog o sa mga hain, kundi upang maging tanda ng ating pagkakaisa.’ ²⁹Wala sa kalooban naming maghihimagsik kay Yawe o tumalikod sa kanya sa pagtatayo ng isang altar upang ialay ang sinunog na handog, ang pagkaing handog, o ang hain na dapat lamang ialay sa altar ni Yaweng ating Diyos na nasa harapan ng kanyang Tirahan.”

³⁰Nasiyahan si Pinhas na pari at ang mga pinuno ng mga tribu sa sinabi ng mga Rubenita, mga Gadita at ng mga Manaseita. ³¹Sinabi ni Pinhas na anak ng paring si Eleazar sa mga Rubenita, mga Gadita at mga Manaseita: “Ngayo’y nababatid na namin na nasa piling natin si Yawe sapagkat hindi kayo nagtaksil kay Yawe at walang dahilan na parusahan ni Yawe ang Israel.”

³²Nilisan ni Pinhas na anak ni Eleazar na pari,

at ng mga pinuno ang mga Rubenita at mga Gadita sa lupain ng Galaad at bumalik sa mga Israelita sa lupaing Kanaan, at ibinalita ito sa kanila. ³³Nasiyahan ang mga Israelita, nagpuri sila sa Diyos at hindi na nagsalita hinggil sa pagsalakay sa mga Rubenita at mga Gadita o pagwasak sa lupaing tinitirhan nila. ³⁴Kaya tinawag na “saksi” ng mga Rubenita at mga Gadita ang altar na iyan; sinabi nga nila na saksi ang altar na ito na Diyos si Yawe.

Huling panawagan ni Josue

23

¹Matagal na panahon na ang nakalipas mula ng ibigay ni Yawe sa mga Israelita ang kapahingahan sa lahat nilang kaaway sa paligid, at matandang-matanda na si Josue. ²Pinagtipun-tipon niya ang buong Israel, ang kanilang matatanda, mga pinuno, mga hukom at opisyal, at sinabi sa kanila: “Matandang-matanda na ako. ³Nakita ninyo ang lahat ng ginawa ni Yaweng inyong Diyos sa mga bansang ito alang-alang sa inyo, sapagkat ipinaglaban kayo ni Yawe. ⁴Alamin ninyo na aking pinaghati-hati sa inyong mga tribu ang lupain ng mga bansang nalalabi pati ang bansang nilipol ko na mula sa Jordan hanggang sa Malaking Dagat sa kanluran. ⁵Si Yaweng inyong Diyos ang nagtataboy sa kanila sa inyong harapan at bumabawi sa kanilang lupain upang mapasainyo gaya ng ipinangako niya sa inyo. ⁶Kaya magpakagiting kayo at pagpilitan ninyong mabuti na tuparin ang lahat ng nakasulat sa Aklat ng Batas ni Moises; huwag kayong lilihis sa kanan ni sa kaliwa. ⁷Huwag makisalamuha sa mga lahing iyan na kapiling ninyo. Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng kanilang mga diyos, ni gagamitin iyon para manumpa. Huwag kayong maglilingkod o sasamba sa kanila. ⁸Sa halip, makiisa kayo kay Yaweng inyong Diyos, gaya ng ginagawa ninyo hanggang ngayon. ⁹Sa inyong harapan itinaboy ni Yawe ang mga malalaki at malalakas na bansa, at wala pang nakatalo sa inyo. ¹⁰Nakapagpapatkbo ng sanlibo ang isa sa inyo, sapagkat ipinaglalaman kayo ni Yaweng inyong Diyos gaya ng ipinangako niya sa inyo. ¹¹Kaya sikapin ninyong mabuti na mahalalin si Yaweng inyong Diyos. ¹²Sapagkat kung tumalikod kayo sa kanya at nakiisa sa mga bansang iyan na naiwan sa piling ninyo; kung mag-aasawa at makikisalamuha sa kanila, ¹³alamin ninyo na hindi na itataboy ni Yaweng inyong Diyos ang mga bansang iyan sa harapan ninyo. At magiging patibong pa sila at silo sa inyo, isang hagupit sa inyong mga tagiliran at mga tinik sa inyong mga mata, hanggang sa mawala kayo sa napaka-

gandang lupaing ito na ipinagkaloob sa inyo ni Yaweng inyong Diyos.

¹⁴ Sa pagpunta ko sa patutunguhan ng lahat ng nilalang, sinasabi ko sa inyo: Kilalanin ninyo nang buong puso at nang buong kaluluwa na walang pangako ni Yaweng inyong Diyos na di natutupad. ¹⁵ Subalit katulad ng pagtupad sa bawat pangakong nakakabuti sa inyo, kaya rin naman niyang gawin ang bawat banta, hanggang sa malipol kayo sa napakagandang lupaing ipinagkaloob sa inyo ni Yaweng inyong Diyos. ¹⁶ Kung nilabag ninyo ang tipan na iniutos sa inyo ni Yaweng inyong Diyos, at naglingkod at sumamba kayo sa ibang mga diyos, magsisiklab laban sa inyo ang galit ni Yawe at dagli kayong mawawala sa matabang lupaing ipinagkaloob niya sa inyo.”

Muling isinagawa ang pakikipagtipan sa Sikem

24 • ¹ Tinipon ni Josue ang lahat ng tribu ng Israel sa Sikem at ipinatawag ang kanilang matatanda, pinuno, hukom at opisyal. At humarap sila sa Diyos. ² Kaya nagsalita si Josue sa buong bayan: “Ito ang ipinasasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: Sa kabilang ibayo ng llog Eufrates noon nanirahan ang inyong mga ninuno – si Tare, na ama ni Abraham at Nahor, at sa ibang mga diyos sila naglingkod. ³ Ngunit kinuha ko ang inyong amang si Abraham mula sa lupaing nasa kabilang ibayo ng llog at sinamahan ko siya sa buong lupain ng Kanaan. Ibinigay ko sa kanya si Isaac, upang dumami ang kanyang mga inapo. ⁴ Ibinigay ko kay Isaac sina Jacob at Esau. Kay Esau itinakda ko ang lupang bulubundukin ng Seir, at bumaba naman sa Ehipto si Jacob at ang kanyang mga anak.

⁵ Pagkaraan, sinugo ko sina Moises at Aaron, upang parusahan ang Ehipto sa paraang alam na ninyo, para makalabas kayo roon. ⁶ Kaya inilabas ko sa Ehipto ang inyong mga ninuno, at dumating kayo sa dagat. Hinabol ng mga Ehipsiyo ang inyong mga ninuno ng kanilang mga karwahe at mga mangangabayo hanggang sa Dagat ng Mga Tambo. ⁷ Ngunit dumating sila kay Yawe, kaya inilagay niya ang ulap sa pagitan ninyo at ng mga Ehipsiyo at pinabalik sa kanila

ang dagat at natabunan sila. Nasaksihan nga ninyo ang ginawa ko sa Ehipto, at saka matagal kayong nanirahan sa ilang. ⁸ Pinapasok ko kayo sa lupain ng mga Amorreo na nasa silangang gawi ng Jordan. Nilabanan nila kayo, ngunit ibinigay ko sila sa inyong kamay. Nilipol ninyo sila at inari ninyo ang kanilang lupain. ⁹ Pagkatapos naghanda si Balak na anak ni Sepor, hari ng Moab, upang lumaban sa Israel. Ipinatawag niya si Balam, anak ni Beor, upang sumpain kayo; ¹⁰ ngunit ayaw kong makinig kay Balam at napilitan siyang pagpalain kayo. Sa gayon iniligtas ko kayo sa kamay ni Balak. ¹¹ Tumawid kayo sa Jordan at dumating sa Jerico. Lumaban sa inyo ang mga taga-Jerico, ang mga Amorreo, mga Perezeo, mga Kananeo, mga Heteo, mga Gergeseo, mga Heveo at mga Jebuseo. Ngunit ibinigay ko rin sila sa inyong kamay. ¹² At ipinadala ko sa harap ninyo ang mga putakti na siyang nagtaboy sa harapan ninyo sa dalawang haring Amorreo. Hindi sa bisa ng iyong tabak o ng iyong busog! ¹³ Binigyan ko kayo ng isang lupang hindi ninyo pinagpaguran; naninirahan kayo sa mga bayan na hindi ninyo itinayo at kumakain kayo sa mga ubasan at mga punong olibong hindi ninyo itinanim. ¹⁴ Kaya igalang ninyo si Yawe. Paglingkuran siya nang buong katapatan at tanggihan ninyo ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia at sa Ehipto. Paglingkuran ninyo si Yawe lamang! ¹⁵ Kung ayaw ninyong paglingkuran si Yawe, piliin ninyo ngayon kung sino ang nais ninyong paglingkuran, ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia o ang mga diyos ng mga Amorreo kung saan kayo naninirahan. Sa akin at sa aking sambahayan, si Yawe ang paglilingkuran namin.”

¹⁶ Sumagot ang bayan: “Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na tumalikod kami kay Yawe at maglingkod sa ibang mga diyos. ¹⁷ Siya nga ang naglabas sa atin at sa ating mga ninuno sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin. Ipinamalas niya sa atin ang malalaking himalang iyon at pinangalagaan tayo sa buong paglalakbay natin at sa lahat ng bayang dinaanan

• **24.1** Sa pagkakataong mawawala na si Josue, matatag na ang presensya ng Israel sa kabundukan at kapatagan ng Palestina. Naipasok nila ang kanilang sarili sa mapayapang paraan o pananakop. Isa pa’y alam nila ang kanilang kahihinatnan bilang isang bayan.

Nagsama-sama ang labindalawang tribu sa Sikem sa Gitnang Palestina, na kinaroroonan ng mga tribu ni Josue, mas malakas at mas maingat na iniingatan ang alaala ni Moises. Dito inuulit ang Pagtitipang ipinag-

diwang ni Moises (tingnan ang Ex 24 at mga huling kabanata ng Deuteronomio).

Matapos alalahanin ang mga pagkilos ni Yawe para sa Israel, inaanyayahan ni Josue ang pagtitipon na piliin si Yawe at tanggihan ang mga banyagang diyos. Isinusulat ngayon ang Batas ng Pakikipagtipan.

Ang alaala ng Pakikipagtipan sa Sikem ang magpapanatiling-buhay sa mithiin ng pagkakaisa at katapatan kay Yawe sa sumunod na panahon ng karimlan pagkamatay ni Josue, o sa panahon ng mga Hukom.

natin. ¹⁸Sa harap natin itinaboy ni Yawe ang lahat ng mga bayan, lalung-lalo na ang mga Amorreo na naninirahan sa lupain. Kaya paglilingkuran din namin si Yawe sapagkat siya ang ating Diyos.”

¹⁹Tinanong ni Josue ang bayan: “Maka-paglilingkod ba kayo kay Yawe? Siya’y isang Diyos na banal; isang Diyos na seloso; hindi siya magpapatawad sa inyong mga paglabag o mga kasalanan. ²⁰Kung tatalikod kayo kay Yawe at maglilingkod sa ibang mga diyos, tatalikdan niya kayo, at kung paanong ginawan niya kayo ng mabuti, gayon din niya kayo gagawan ng masama at lilipulin kayo.”

²¹Ngunit sumagot ang bayan kay Josue: “Huwag nawang magkatotoo ang sinabi mo. Maglilingkod pa rin kami kay Yawe.” ²²Kaya sinabi ni Josue sa bayan: “Kayo na ang mga saksi laban sa inyong sarili na pinili ninyo si Yawe upang paglilingkuran siya.” Sumagot sila: “Mga saksi nga kami.” ²³At sinabi ni Josue: “Kaya ngayon itapon ninyo ang mga dayuhang diyos na nasa piling ninyo at paglilingkuran nang buong puso si Yawe, ang Diyos ng Israel.” ²⁴Sinabi ng bayan kay Josue: “Paglilingkuran namin si Yaweng aming Diyos, at susundin ang kanyang mga utos.”

²⁵Kaya gumawa ng isang tipan si Josue sa

bayan nang araw na iyon at ibinigay niya sa kanila ang batas at mga kautusan sa Sikem. ²⁶Sinulat niya ang mga salitang ito sa Aklat ng Batas ng Diyos. Kumuha siya pagkatapos ng isang malaking bato at inilagay ito sa ilalim ng ensina na nasa Banal na Lugar ni Yawe. ²⁷At sinabi ni Josue sa bayan: “Magiging saksi ang batong ito sa lahat ng sinabi ni Yawe sa atin. Narinig nito ang lahat ng sinabi ninyo, kaya ito ang magiging saksi laban sa inyo sa sandaling itatuwa ninyo si Yawe.” ²⁸At pinaalis ni Josue ang bayan na umuwi sa kani-kanilang pamana.

²⁹Pagkaraan ng mga pangyayaring ito, namatay si Josue na anak ni Nun, lingkod ni Yawe, sa gulang na sandaa’t sampung taon. ³⁰Inilibing siya sa lupain ng kanyang pamana sa Tamnat Sare, sa kabundukan ng Efraim sa hilaga ng Bundok Gas. ³¹Naglilingkod ang Israel kay Yawe sa buong buhay ni Josue at ng matatanda na buhay pa pagkamatay ni Josue; sila ang nakaalam ng lahat ng ginawa ni Yawe sa Israel. ³²Inilibing naman sa Sikem ang mga buto ni Jose na dinala ng mga Israelita mula sa Ehipto sa maliit na lupang binili ni Jacob sa mga anak ni Hamor, ama ni Sikem, ng sandaang pirasong pilak. At namana ito ng mga inanak ni Jose. ³³Pagkamatay ni Eleazar, anak ni Aaron, inilibing siya sa burol na ibinigay sa anak niyang si Pinhas sa kabundukan ng Efraim.